MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA



TOMO XLV BLG. I | ABRIL 2021

LUMALAWAK NA AGWAT



TUNGKOL SA PABALAT

AGWAT. May mga agwat na hindi maaaring pagdugtungin. May agwat sa pagitan ng mga henerasyon, sa pagitan ng kapulisan at ng kanilang mga pinaglilingkurang komunidad, sa pagitan ng sistemang pangkalusugan at ng mga pasyente, sa pagitan ng mga dambuhalang korporasyon at ng mga kumakayod sa mga pabrika nito.

Agwat sa sistema, agwat sa lohika, agwat sa magkakaibigan, agwat sa nagkaka-ibigian, agwat sa pamilya.

May agwat din sa pagitan ng karne at tiyan: sa pagkain at ng mga kailangang kumain. Dahil dito, humihingi ng paunmanhin ang Matanglawin Ateneo sapagkat hindi mapupunan ng sining ang mga kumakalam na sikmura.



MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA





PATNUGUTAN 20-21

Punong Patnugot
Caila Julienne B. Noche

Nangangasiwang Patnugot at Tagapamahala ng Social Media
Katrina Mae D. Llorente

Tagapamahal ng Pandayan at Proyekto
Marcial Rajah P. Fernando

Katuwang na Patnugot
Dareenne Reigne C. Brazil

Patnugot ng Sining at Disenyo
Kevin Bryce J. Castro

Ingat-Yaman at Patnugot ng Sulatin at Saliksikan
Angela Bianca Y. Lee

MGA MIYEMBRO

Sulatin at Saliksikan
Eala Julienne Nolasco
Denise Regina Lao
Jeanella Mangaluz
Ella Joy Sarmiento
Lyka Janelle Pacleb
Jethro Estrella
Trishia Anne Manalang
Anjanette Cayabyab
Nicole Elane Madrilejo
Rigo Lambert Cruz
Myra Joanne Arce
Jenine Rose Dy
Adam Marie Torres
Katrina Sofia Fabellar
Kyla Marie Cortez
Peter Louise Garnace
Psymonne Victor Panaligan
Audrey Marie Fontanilla
Dana Mikaela Palad
Rika Ciarie Cruz

Pandayan
Rigo Lambert Cruz
Psymonne Victor Panaligan

Disenyo
Martina Joanna Salamero
Luis Miguel Changco
Francine Nicole Tan
Allan Raymundo Jr.

Social Media
Lyka Janelle Pacleb
Jenine Rose Dy
Christian Dasalla

Sining
Martina Joanna Salamero
Kerima Ruth Sonaco
Katrina Sofia Fabellar
Kyla Marie Cortez
Luis Miguel Changco

Proyekto
Rigo Lambert Cruz
Denise Regina Lao
Ella Joy Sarmiento
Adam Marie Torres
Christian Dasalla
Dana Mikaela Palad

PAKIKIPAG-UGNAYAN

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng mga nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman ng magasin basta hindi ito sinasaklaw ang buong akda at mayroong karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Kasapi ang Matanglawin ng Kompederasyon ng mga Publikasyon o Confederation of Publications (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Tumatanggap ang publikasyon ng mga aplikanteng mag-aaral sa kahit anong petsa ng taon, sa pagpapasiya ng pamunuan ng Matanglawin.





MULA SA PATNUGUTAN

Sa pagbungad ng unang panuruang taong sumasailalim sa pandemya, samot-saring suliranin ang humagupit sa mga mag-aaral sa buong bansa. Sadyang hindi nagtatapos sa pisikal ang epekto ng pandemya sa tao sapagkat binulabog din nito ang emosyonal at pangkaisipang larangan ng bawat isa. Para sa mga mag-aaral, higit pang pinabigat ng nagbibingi-bingihang pamahalaan ang mga pagsubok sa online learning tulad ng kakapusan sa gadget at matatag na internet connection. Bagaman mahigit isang taon nang dinaranas ng aming publikasyon ang nakababagabag na pandemya, patuloy pa rin naming kinakapa magpahanggang-ngayon ang pag-aangkop sa bagong prosesong pamproduksiyon sa gitna ng bagong online set-up at ng malawakang mental health crisis sa pamantasan. Sa kabila nito, ninanais pa rin ng karamihan sa mga estudyante at propesor na magpatuloy, kahit pa tanging pagod, poot, at kalungkutan lamang ang kanilang napupulot mula rito.

Ang mga karanasan namin bilang mga estudyante, manunulat, at tagagawa ng sining ay hindi kailanman magiging hiwalay sa karanasan ng mamamayan sa labas ng paaralan. Sa ilalim ng isang taong pag-quarantine, araw-araw lumalawak ang agwat sa pagitan ng mga tao, sa parehong personal at sistematikong antas. Patuloy lamang ang pamahalaan sa pagsasawalang-bahala sa mga hinaing ng mga healthcare workers at OFW kahit pa labis-labis ang papuri at pag-romanticize sa kanila ng mga nakaluklok sa puwesto. Hindi rin inklusibo sa mga katutubo ang konsepto ng pag-unlad para sa gobyerno. Bukod pa riyan, walang habas din ang pamumulitika sa bakuna ng mga sakim sa kapangyarihan na siyang pangunahing dahilan kung bakit lalong naantala ang mas mabilis na herd immunity sa bansa.

Habang libo-libong tao na ang binawian ng buhay, kung hindi man nilugmok sa kahirapan, mas pinipili pa ring unahin ng gobyerno ang pagpapatahimik sa mga tao kaysa sa paggawa ng isang mas mabilis, mas abot-kaya, at mas medikal na solusyon. Sa ilalim ng isang diktaduryal na estado na patuloy na hindi nakikinig sa mga demanda ng masa, tuloy pa rin ang walang humpay na pagpapaslang sa mga aktibista, abogado, at mamamahayag na may buong tapang na magbunyag ng katotohanan.

Sa mga panahong ito, mananatiling hamon sa bawat tao, lalo na sa mga nasa kapangyarihan, ang pagkakaroon ng tunay na pakikiramay sa isa't isa, lalo na sa mga pinakaapektado ng kahirapan at kamangmangan. Ngunit naniniwala kami na hindi magbabago ang buhay natin kung hindi napapalitan ang mga sistemang patuloy na lumalapastangan sa atin.

Itinayo ang Matanglawin noong Batas Militar sa ilalim ng malawakang pag-redtag sa mga estudyante at aktibista, pag-censor sa midya, at malawakang pag-usbong ng kahirapan—at patuloy pa rin kaming mabubuhay sa kabila ng mga pangyayaring ito. Patuloy pa rin kaming lumalaban bilang kaisa ng mga mamamayan upang panagutin ang pamahalaan. Higit sa lahat, wala ring makapipigil sa aming matatag na panawagan para sa isang buo at sistematikong pagbabago para sa ating lahat.

Padayon!

PATNUGUTAN 2020-2021

MGA NILALAMAN



01
MGA KOLUM
02 Sa Pagbilang ng mga Yumao
03 Gapang o Hinto

06
SALAPI, SAKUNA, AT ANG SALAWAHAN:
Paghimay sa 2021 National Budget

10
PIPENG BAYANI:
Health Workers sa Panahon ng Pandemya

13
ANG LABANG KATUTUBO:
Isang Pakikibakang Walang Hinto

19
PAGKUWENTA SA WALANG KUWENTA:
30,000 Salita sa mga Talumpati ni Duterte

24
SA TAHIMIK NA LANSANGAN:
Ang Paghiyaw ng Katarungan para sa Sex Workers ngayong Pandemya

27
PANGANGALAMPAG AT PAGPAPATAHIMIK:
Ang Pagprotesta sa Gitna ng Pandemya

30
MAKA-BAYANING PAGSALUBONG PARA SA MGA MAKABAGONG BAYANI

33
MATANG MAKATA: "DEAR MR. GURANG"





“

Sahod, trabaho, karapatan, ipaglaban!

-

MULA SA SUOT NG AKTIBISTANG SI DANDY MIGUEL NANG SIYA AY PINASLANG

OPINYON

Pasintabi Lang Po

SA PAGBILANG NG MGA YUMAO

MARCIAL RAJAH P. FERNANDO
Tagapamahala ng Pandayan at Proyekto

Mahigit isang taon na ang nakalipas mula nang ideklara ang lockdown sa Pilipinas dahil sa pagkalat ng COVID-19 sa mundo. Higit na nakasisigurong lahat tayo ay sawa sa mga kuro-kuro at balitang naririnig patungkol sa mga impormasyong kaugnay ng pandemya o kamatayan. Ngunit, sa kabila ng ating kakayahang magbulag-bulagan sa mga balitang nakalap natin, hindi ito sapat upang mapanatag ang ating mga saloobin katulad ng walang humpay na kalungkutang bunga ng kawalan ng kasiguraduhan sa ating mga buhay at sa ating galit sa gobyernong mapanupil at pabaya. Sa pagbilang ng mga yumao ng pandemyang ito, marahil na ating tratuhin at tingnan ang bawat buhay na binawi bilang mga buhay ng mga Pilipinong may pamilya, pangarap, at hangarin sa buhay—hindi lamang tingnan ito bilang mga numerong kumakatawan sa mga namatay dahil sa krisis na ito.

Ngayon, ang bilang ng mga namatay ay humigit kumulang na sa 15,000, at patuloy pang tumataas. Ang mga kasama sa bilang ay ang mga namatay dahil sa COVID-19 lamang at hindi kabilang ang mga iba pang sakit na lumala o hindi naagapan dahil sa kakulangan ng pasilidad at tauhan sa mga ospital dulot ng pandemya. Hindi lamang kulang ang kasalukuyang bilang kundi hindi rin nito ipinapakita ang malawakang epekto ng kapabayaan ng gobyerno sa lipunan. Sa patuloy na pagsasantabi ng pamahalaan sa mga bilang na ito at sa malubhang kalagayan ng bansa dulot ng kanilang kapalpakan at kapabayaan, isa sa mga tungkulin nating singilin ang mga opisyal na inutil at sariling interes lamang ang inuuna sa bawat buhay na kanilang pinabayaan at binalewala.

Sa pagbilang ng mga yumao, dapat nating tandaang ang kanilang kamatayan ay naagapan pa sana kung maagang nagdeklara ng lockdown ang gobyerno sa Pilipinas at hindi nagpapasok ng mga dayuhan. Sa halip na sumunod at gawin ng pamahalaan ang payo ng mga eksperto at hinaing ng mga mamamayan, patuloy nilang binalewala ang mga ito at pinatiling bukas ang bansa. Lalo ring lumala ang kalagayan ng bansa dahil sa mabagal na pagtugon ng pamahalaan laban sa unang taon ng pandemya kung saan pinagkaila nila ang pagsasagawa ng mass testing at agresibong contract tracing.

Sa pagbilang ng mga yumao, ating alalahanin ang hindi pantay na pagtrato ng gobyerno sa mga mamamayang Pilipino. Habang ang lahat ay nakapila o naghahanap ng ospital, bakuna, gamot at iba pa, taliwas na trato ang natatanggap ng mga opisyal at makapangyarihan bagkus isa sila sa mga unang nakakakuha ng silid sa ospital, VIP testing, at iba pa. Mula sa COVID-19 test hanggang sa bakuna, nagkaroon ng VIP treatment para sa mga opisyal samantalang ang karamihan ay naghihintay sa kalsada buong araw para sa maliit na pag-asang mabigyan sila ng gamot o silid sa ospital. Makikita rin ang pagkakaibang ito sa pagitan ng mga mamamayan at opisyales na lumabag sa mga patakaran ng lockdown at mga quarantine protocol. Labis na naparusahan ang mga simpleng mamamayan samantalang ang mga opisyal na may matataas na katungkulan ay hindi nakatanggap ng parusa, at tumaas pa ang tungkulin.

Sa pagbilang ng mga yumao, dapat din nating isama ang mga namatay dahil sa kakulangan ng pasilidad at katauhan sa mga publiko at pribadong ospital. Dahil sa kalagayan ng bansa, palaging puno ang mga ospital at hindi basta-basta tumatanggap ng mga pasyente. Napipilitang pumili ang mga doktor at manggagawang pangkalusugan kung alin sa mga pasyenteng tatanggapin ang may pinakamalubhang sakit. Hindi na bago ang isyu ng kakulangan ng mga kagamitan sa mga pampublikong ospital dahil sa kabila nito, higit na inuuna ng gobyernong sugpuin ang ibang mga isyung naaayon sa kanilang mga interes tulad ng patuloy na pagkiling sa militar na tugon sa halip na siyentipiko at medikal.

Sa pagbilang ng mga yumao, dapat din nating tandaan na namayapa ang mga tao hindi dahil sa sakit o kawalan ng pasilidad, kundi sa karahasan ng kapulisan at militar. Ilang halimbawa ang mga aktibista at abogadong kinitil ang buhay, at lalo naman ang mga mamamayang walang magagawa kundi lumabas upang mapakain ang kanilang mga pamilya. Kasama rin ang mga magsasaka at mangingisdang inaapi ng militar, at ang kanilang pag-red-tag sa mga mamamayan lalo na sa mga katutubo. Ating tandaan ang mga pangalan ng mga Pilipinong binawian ng buhay dahil sa marahas at mapang-abusong militar at kapulisan.

Sa pagbilang ng mga yumao, huwag na huwag din nating kalimutan ang mga namatay sa kahihintay ng sasakyan pauwi o ang mga mamamayang namatay dahil sa gutom dulot ng kawalang ng trabaho at pambili ng pagkain. At sa ating pagbilang sa walang tigil na pag-angat ng bilang ng mga yumao, ating alalahaning bukod sa kanilang kamatayan dulot ng COVID-19 at kapabayaan ng gobyerno, sila rin ay mga Pilipinong may pamilya, mahal sa buhay, at mga hangarin para sa kanilang sarili at sa bayan. Ating alalahaning ang mga kamatayang ito ay hindi likas kundi dulot ng matinding kapabayaan at kasakiman ng pamahalaan. Sa pag-aalala sa ating mga minamahal at sa mga yumao, ating singilin ang administrasyong Duterte sa mga kanilang kasalanan laban sa bayan. Nararapat lamang na managot ang bawat opisyal na kasabwat ng administrasyon sa pandemyang dinaranas ng ating bansa. Bawal makalimot.



Agam-Agam

GAPANG O HINTO

ANGELA BIANCA Y. LEE
Ingat-Yaman at Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Lumipas na ang isang taon ngunit higit lamang na lumabo ang katiyakang makatatapak muli sa agarang panahon ang mga estudyante sa paaralan. Sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga positibong kaso sa COVID-19, patuloy namang bumabawas ang pagganyak at pagtitiyaga ng mga mag-aaral sa online learning. Bukod sa pahirapan ang pagkuha ng matinong internet at gadget, hindi rin biro pagsabayin ang matuto sa kabila ng mga nakababagabag na pangyayari ngayong pandemya.

Batid ko ang hirap na ito bilang isang iskolar na minsan nang nanalig na edukasyon ang magpapagaan sa aming buhay balang araw. Ngunit kung nahihirapan na ang tulad kong Atenistang iskolar, marahil ay higit pa rito ang suliranin ng mga hindi nakatatamasa ng pribilehiyong nakukuha ko. Mapalad na nga akong maituturing dahil hindi ko na kinakailangang alalahanin pa ang aking pang-matrikula, pati na rin ang laptop dahil may pinapahiram naman ang pamantasan. Subalit, hindi ito sapat na dahilan upang ipasawalang-bahala ang iba pang suliraning hatid ng online learning.

Bagaman sinusubukan, tunay na hindi pa rin mapantayan ng online classes ang kalidad ng edukasyon kapag harap-harapan ang talakayan sa silid. Higit na mas mahirap maunawaan ang mga aralin gayong limitado ang interaksyon ng mag-aaral sa kaniyang guro at kamag-aral. Pinabigat pa ito lalo ng mahina at pawala-walang internet connection na humahadlang sa pakikinig at pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa klase. Kahit pa makabili ng mobile data, wala ring kasiguraduhan na may masasagap na sapat na signal sa lugar para makadalo sa talakayan.

Nahihirapan din ang mga gurong bantayan at siguraduhin kung naaayon pa rin ang pag-unawa ng estudyante sa aralin. Tila nasanay na ang karamihang habulin na lamang ang bawat patay-guhit upang mairaos ang semestre, kahit pa kadalasan ay naisasantabi na ang diwa ng pagkatuto. Sa kabila ng walang humpay na pag-abot ng tulong at konsiderasyon ng mga guro at administrasyon, hindi pa rin mauubos ang mabigat na pasanin ng mga mag-aaral, pati na rin ng mga empleyado ng paaralan.

Habang hindi natatapos ang pandemya, asahan nang laging may panibagong mabibiktima ang nakamamatay na virus. May mga nababawian ng mga mahal sa buhay. May mga nadadapuan naman ng sakit at nababaon sa utang makapagpagaling lamang sa ospital. Kung hindi man direktang naapektuhan ng virus, maaaring hanapbuhay naman ang nawala sa pamilya. Samantalang may mga ilan din namang hindi na alintana ang banta ng virus sapagkat kailangang unahin munang malamnan ang sikmura at maitaguyod ang bubong ng kanilang tirahan dahil sa kasalatan sa buhay. Sa kabila nito, mas nananaig pa ring isantabi muna ang anumang problemang kinahaharap at igapang na lamang ang pag-aaral bilang kapalit.

Anila, maaari namang pansamantalang huminto ang estudyante sa pag-aaral kung hindi na talaga kinakaya ang pagbuhos ng mga suliranin. Ngunit hindi naman lahat ay may pribilehiyong tumigil na lamang sa anumang oras. Ang mga nasa kabilang dulo ng agwat ay higit na mahihirapan kung naantala pa ang edukasyong tanging kayamanan at pag-asang tangan nila upang makaahon sa kahirapan. Hindi naman ibig sabihin na kung tumigil sila sa pag-aaral ay makakaligtaan na nila ang kasawiang dinaranas. Hindi rin naman sila madaling makahahanap ng pagkakakitaan ngayong pandemya. Sa sitwasyong ito, naiiwan sa mga kamay ng mag-aaral ang pagiging matiyaga at madiskarte habang tinitiis ang kalbaryong dapat sana ay naibsan ng pamahalaan noong simula pa lamang.

Hanggang patuloy na nagbabalatkayo at nagbubulag-bulagan ang pamahalaan sa pagdulog ng mga tunay na pangangailangan ng taumbayan, mananatiling paralisado ang lahat ng mga sanga nito tulad na lamang ng mga sistemang pangkalusugan, ekonomiya, at edukasyon. Sa direksyong tinatahak ng mapagsamantalang pamahalaan ngayon, tila patibong at panganib lamang ang kahihinatnan nating lahat sa huli—kabaliktaran sa magandang kinabukasang pinapangarap ng bawat nagsusumikap na mag-aaral.

Ang pagsulong sa academic freeze ay hindi mainam na solusyon dahil inaantala lamang nito ang pagharap sa totoong suliranin. Ngunit hindi rin maaaring ipaubaya sa mga estudyante ang paghanap ng paraan samantalang walang ibang idinudulot ang gobyerno kundi ipasa ang paglutas ng mga problema sa mga indibidwal at institusyong handang tumulong. Sa bawat paghanga natin sa mga matiyaga at maparaang mag-aaral ay lalong naikukubli ang kalapastanganan ng pamahalaan sa pangangasiwa ngayong pandemya. Kung ipagkakaila pa rin ng mga nakaupo sa puwesto ang kanilang kapabayaan, mukhang hinihintay na nga lang nating tuluyang gumuho ang pag-asang makababalik pa tayo sa dating sistemang pang-edukasyong kritikal sa paghubog ng kinabukasan ng bansa.

“

Ano ang aming kasalanan?

Lihim na mamuhi at magmura
Sa inyong nagpapahirap sa amin?
[...]
Sumalungat sa mga salita ng awtoridad?
Mag-iwan ng sangkaterbang polyeto sa kalsada
Pagkatapos ng mga protesta at welga?
[...]
Mag-amba ng bisig at maghagis ng kamao sa hangin?

-
THE AXEL PINPIN PROPAGANDA MACHINE
Mga linya mula sa kanilang kanta, "Ano Ang Aming Kasalanan?" (2020)

"

Anim na araw po kaming ikinulong at pinaikot-ikot nang walang malinaw na kaso.

Wala po kaming kasalanan.

-

ELMER CORDERO

Miyembro ng PISTON na inaresto sa isang kilos protesta


1000
1000

SALAPI, SAKUNA, AT ANG SALAWAHAN:

Paghimay sa 2021 National Budget

SULAT NI **RIGO CRUZ**
SINING NI **KEVIN CASTRO**

Ganap na ngang naisabatas ang 2021 General Appropriations Bill o ang pambansang badyet matapos lagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang naturang panukala noong ika-28 ng Disyembre. Matatandaang sa kasagsagan ng pagtatalakay sa panukalang badyet ay may agawan ng puwestong naganap sa pagitan nina Taguig-Pateros Rep. Alan Peter Cayetano at ng kasalukuyang House Speaker at Marinduque Rep. Lord Allan Velasco. Nagdulot ng pagkaantala ang naturang sagupaan ng dalawang mambabatas at napilitan pang pumagitna ni Duterte upang magpatuloy ang nasabing pagtalakay. Noong 2019, napagpasiyahan na nina Cayetano at Velasco ang isang term-sharing kung saan mananatiling House Speaker si Cayetano sa loob ng 15 na buwan o hanggang October 2020 samantalang si Velasco naman ang papalit sa nasabing kongresista hanggang 2022 at sa buong 18th Congress.

DRAMA SA KAMARA

Napagpasiyahan nina Cayetano at Velasco na magaganap ang turnover ng House Speakership sa ika-14 ng Oktubre matapos ang isang pulong kasama si Pangulong Rodrigo Duterte. Subalit kasunod nito, binatikos ni Cayetano sa kaniyang privilege speech ang kawalan ng suporta ng alkalde kay Velasco at biglaang nag-alok ng pagbibitiw sa puwesto. Agaran namang umalma ang mga kaalyado ng Taguig-Pateros representative at nagsagawa ng isang botohan kung saan 184 sa 299 ang pumabor kay Cayetano. Patuloy na kinalampag ni Velasco si Cayetano at hinimok na sundin ang napagkasunduang term-sharing. Inakusahan din ni Velasco na hindi umano ay ginagawang hostage ni Cayetano ang 2021 national budget upang manatili sa puwesto. Sa pakiusap ni Pangulong Duterte na pagtuunan muna ng pansin ang panukalang badyet ay tinangkang madaliin ang pagpasa sa panukalang badyet o ang 2021 General Appropriations Bill. Matapos ang ikalawang pagbasa, sinikap na ipagpaliban ng mga kaalyado ni Cayetano ang sesyon ng Kamara hanggang ika-16 ng Nobyembre. Nangangahulugan ito na hindi agarang makauupo si Velasco bilang House Speaker. Sa puntong ito, napagpasiyahan nang pumagitna ni Duterte at mag-isyu ng isang proklamasyon para sa isang special session ng Kamara mula ika-13 hanggang ika-16 ng Oktubre.

Nagsimula ang naturang "drama" sa Kongreso matapos kumpirmahin ng mga kaalyado ni Velasco noong ika-12 ng Oktubre na mayroon ngang ouster plot laban sa dating speaker na si Cayetano. Dagdag pa ng mga kaalyado ng Marinduque representative na sapat na ang bilang ng mga boto upang patalsikin si Cayetano at tiyakin ang pag-upo ni Velasco. Sa 299 na mambabatas, 186 o karamihan ng mababang kapulungan ang bumoto kay Velasco subalit iginiit ni Cayetano na ito ay peke at hindi naaayon sa batas. Kinabukasan ay tuluyan na ngang nagbitiw bilang House Speaker si Alan Peter Cayetano.

SA LIKOD NG MGA NUMERO

Nagkakahalaga ng P4.506 trilyon ang 2021 pambansang badyet, mas mataas ng 9.9% kaysa sa nakalipas na taon. Halos 22% rin ito ng tinatayang gross domestic product o GDP ng susunod na taon. Hindi maikakailang ang paglobo ng badyet ay dulot ng Coronavirus disease 2019 o COVID-19 na patuloy pa ring kumakalat sa bansa. Ang tema ng pambansang badyet ay "Reset, Rebound, and Recover: Investing for Resiliency and Sustainability." Ayon sa kalihim ng Department of Budget and Management o DBM Wendel Avisado, pokus ng pambansang badyet ang pagpapabuti sa healthcare system ng bansa, paglikha ng maraming trabaho, pagtataguyod ng isang digital na pamahalaan at ekonomiya, at pagtulong sa mga komunidad na harapin ang epekto ng COVID-19.

Nakakuha ang sektor ng edukasyon ng pinakamalaking alokyason na P708.2 bilyon, higit na mas mataas ng P50 bilyon sa nakalipas na taon. Sinasaklaw ng naturang alokasyon ang Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at maging ang mga state college at universities ng bansa na pawang nagsasagawa ng online learning. Makatatanggap naman ng P694.8 bilyon ang Department of Public Works and Highways (DPWH) na nasa kasagsagan pa lamang ng programa nitong "Build, Build, Build" na naglalayon pang maglunsad ng karagdagang 104 na proyekto sa susunod na mga taon. P247.5 bilyon naman ang alokasyon para sa Department of Interior and Local Government (DILG) na siyang nangangasiwa sa Philippine National Police (PNP) na tinitiyak ng pamahalaan na may mahalagang papel sa pagsugpo sa COVID-19 pandemic. Kasunod nito ang Department of National Defense (DND) na paglalaanan ng P205.5 bilyon. Nasa ilalim ng DND ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na naglunsad ng mas pinaigting na kampanya laban sa mga komunista—ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na may pondong P19.3 bilyon. Kabilang pa sa mga kagawaran na may malaking alokasyon ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) na may P176.7 bilyon, Department of Transportation (DOTr) na may P87.4 bilyon, at ang Department of Agriculture (DA) na may P68.6 bilyon. Makatatanggap ang sektor ng kalusugan ng P287.4 bilyon na hahatiin sa pagitan ng Department of Health (DOH), PhilHealth, at pagbili sa bakuna kontra COVID-19.

Hinaing ni Camarines Sur Rep. Luis Raymund Villafuerte na dagdagan ang ilalaang calamity funds sa 2021 pambansang badyet. Matatandaan na sa nakalipas na ilang mga buwan ay hinagupit ng mga bagyong Rolly, Quinta, at Ulysses ang bansa na nag-iwan ng matindi at malawakang pinsala sa iba't ibang bahagi nito. Ayon kay Villafuerte, mas lalong nangangailangan ang mga local government units (LGUs) ng karagdagang pondo matapos tapyasin ng COVID-19 ang naturang calamity funds ng mga ito ngayong taon.

PANANALAPI SA PANDEMYA

Handa umano ang pamahalaan na gumastos ng P73 bilyon para sa pagbili ng bakuna kontra COVID-19 ng higit 60 milyon na Pilipino. Ayon kay DOH Secretary Francisco Duque III, sapat na ang 60% to 70% ng kabuuang populasyon upang makamit ang "herd immunity." Halos P18 bilyon ang nakatalagang badyet para sa naturang bakuna sa ilalim ng 2021 General Appropriations Bill. Dagdag pa rito ang magmumula sa Bayanihan to Recover as One Act o Bayanihan 2 na naglalaan naman ng halos P10 bilyon. Humahanap



> **"Nasa ilalim ng DND ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na naglunsad ng mas pinaigting na kampanya laban sa mga komunista—ang [NTF-ELCAC] na may pondong P19.3 bilyon.**
>
> -

pa ng ibang paraan ang pamahalaan upang maabot ang inaasahang P73 bilyon, maaaring kumuha ito ng karagdagang loans mula sa World Bank at Asian Development Bank. Tanging P2.5 bilyon lamang mula sa badyet ng DOH ang ilalaan para sa pagbili ng bakuna, P2.67 bilyon naman para sa personal protective equipment o PPE ng mga healthcare workers. Magagamit umano ang kapupunan ng alokasyon ng DOH para sa mga response strategies at iba pang mga programa ng kagawaran alinsunod sa pagpapatupad ng Universal Healthcare Act.

Panawagan ni Senate President Pro Tempore Ralph Recto na gawing P150 bilyon ang badyet na tanging ilalaan lamang sa bakuna at pag-iimbak nito, halos doble ito ng P73 bilyon na nais ng pamahalaan. Ayon naman sa tagapagsalita ng DOH na si Maria Rosario Vergeire, nangangailangan pa ng karagdagang P10.5 bilyon ang naturang badyet ng ahensya upang maisakatuparan ang paunang layunin na dalawang doses ng bakuna para sa mga healthcare workers at indigents. Tinitiyak naman ng mga mambabatas na sapat ang ilalaang badyet ng pamahalaan upang sugpuin ang pandemya.

Sa pagkakasulat nitong artikulo, pumapangalawa ang Pilipinas sa Indonesia sa pinakamaraming kaso ng COVID sa Timog-silangang Asya, at ika-31 naman sa mundo. Higit 12,000 na ang pumanaw sa bansa dahil sa nasabing virus, samantalang nasa 520,000 naman ang gumaling na. Sa kabila ng pagbabalik sa normal ng ilang mga kalapit na bansa, nanatili ang Pilipinas sa ilalim ng lockdown mula noong Marso 2020, ang isa sa pinakamahaba sa buong mundo. Nakatakda nang bumili ng pamahalaan ng 25 million doses ng Sinovac o bakuna kontra COVID-19 mula sa Chinese pharmaceutical company na Sinopharm. Dagdag lamang ito sa mga nauna nang 30 milyon doses mula sa US firm na Novavax at 15 million doses naman mula sa British-Swedish na kumpanya ng gamot na AstraZeneca. Umani ng batikos ang tila pagkiling ng pamahalaan sa Sinopharm na tanging 50.38% lamang ang efficacy rate. Sa kabila ng mababang efficacy rate, mas mahal din ang bakuna mula sa nasabing Chinese firm na nagkakahalaga ng Php 3,904 – 4,504 kung ihahambing sa ibang pharmaceutical companies. Hindi pa rin aprubado ng Food and Drug Administration (FDA) ang Sinovac at iba pa maliban sa bakuna mula sa Pfizer-BioNtech. Malaya naman umanong pumili ng bakuna ang mga local government units (LGU) ayon kay Duterte. Ilang lungsod at probinsiya na rin sa bansa ang nag-anunsyo ng pagkuha ng mga bakuna mula sa AstraZeneca. Mariing dinepensahan din ni Duterte ang Sinopharm at sinabing pareho lamang ang kalidad ng bakuna nito at ng mga mula sa Estados Unidos at Europa.

> "
> **Sa kabila ng mababang efficacy rate, mas mahal din ang bakuna mula sa nasabing Chinese firm na nagkakahalaga ng Php 3,904 – 4,504 kung ihahambing sa ibang mga pharmaceutical companies.**
> -

Higit ng P400 bilyon ang 2021 pambansang badyet sa nakalipas na taon bunsod ng COVID-19 pandemya. P287.4 sa naturang badyet ay nakalaan para sa sektor ng kalusugan na mahahati sa pagitan ng DOH, PhilHealth, at mga programa para sa bakuna.

Maliban sa pandemya at iba pang dulot nito sa kalusugan, malubha ang haharapin ng sektor sa 2021 na niyanig ng mga kaso ng katiwalian noong Setyembre. Nakasentro ang isyu sa Philippine Health Insurance Corporation o PhilHealth na nagtutustos sa COVID-19 treatment at testing sa bansa. Nasa bingit na ng pagkalugi ang PhilHealth dahil umano sa katiwalian ng mga opisyal nito. P15 bilyon ang nawala sa PhilHealth na dulot ng talamak na overpricing sa naturang ahensya. Dagdag pagsubok na rin ang paglaban sa korapsyon at katiwalian, kaakibat ng pagsugpo sa COVID-19 sa kabila ng tila limitadong badyet.

Mababatid sa naganap na power struggle sa Kongreso na tila ba naliligaw ang tunay na pokus ng mga mambabatas sa pagitan ng pamumulitika at pagtulong sa mga mamamayan. Sa pagtutunggali ng mga insensitibong gutom para sa kapangyarihan ay ang pagsasawalang-bahala sa sandaang milyong kumakalam na sikmura. Kinakailangang tandaan ng mga mambabatas na ang malampasan ang pandemya at mga kalamidad nang buo at magkasama ang kanilang tunay na prayoridad bilang mga tagapaglingkod sa bayan. Sa usapin ng pambansang budget ay parehas pa rin ang tema. Tila kapos ang nilaan para sa laban kontra COVID-19 at hindi rin matitiyak na hindi ito mababahiran ng katiwalian. Dagdag pa sa mga ito ang patuloy na mga hamon sa sektor ng edukasyon, paggawa, at ng panlipunang pagpapaunlad. Hindi magiging madali ang kahaharapin ng bansa sa panibagong taon sapagkat hindi naman makatatakas sa pandemya gamit ang mga bagong tulay o kalsada at lalong hindi rin ito mapupuksa gamit ang baril, karahasan, at kalupitan. Ang sangang-daan na ito ay marahil tumatawag sa mga mambabatas at sa pamahalaang pumili at itigil ang pagiging salawahan—mamamayan o kapangyarihan?



PIPENG BAYANI:

Health Workers sa Panahon ng Pandemya

SULAT NI **RIGO CRUZ**
SINING NI **LUIS CHANGCO**

Pinipinta ng midya bilang mga "bagong bayani" ang mga healthcare workers na nagsasakripisyo at nag-aalay ng kanilang buhay sa panahon ng lumalalang pandemya at kaakibat ng naratibong ito ang kaliwa't kanang pagpapasalamat upang maipakita ang pagpapahalaga sa kanila ng publiko at ng gobyerno. Ngunit sa kabila ng lahat ng mga eksibisyon at walang sawang pagpupuri ay tila wala pa ring nagbabago sa paghihirap na kanilang nararanasan.

"Nagresulta ito sa pagkakalagay sa atin bilang ika-32 na bansang may pinakamataas na kaso ng COVID-19 at ika-32 na rin mula sa 198 na bansang mayroong pinakamaraming naitalang pagkamatay. -

Isang taon na rin ang nakalipas nang mabalita ang kauna-unahang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa ating bansa. Isang 38 na taong gulang na babaeng turistang mula sa Wuhan, Tsina at ang kaniyang kasama ang naitala bilang unang pumanaw nang dahil sa sakit. Matapos ang ilang buwang pakikipaglaban ng bansa ay umabot na sa halos kalahating milyon ang kabuuang naitalang kasong kinahaharap ng Pilipinas. Dahil na rin sa kakulangan ng mga inisyatibo at aksyong isinasagawa ng ating gobyerno at ng iba't ibang mga ahensya, ang ating mga "bayani" ang nagdurusa.

Ngunit may mga artikulo at mga pag-aaral na kumalat na silang nagsasaad na ang pagtawag at pagdeklara sa ating mga healthcare workers bilang mga "bayani" ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa kung ano ang perspektibo ng publiko sa kanila at sa kanilang ginagawang trabaho. Dahil tinatanggap ang mga "bayani" bilang mga indibidwal na nagsasakripisyo nang walang kapalit, tila natatanggalan sila ng karapatang magsaad ng mga hinaing at reklamo. Nababalewala rin tuloy ang kanilang personal na mga karanasan dahil mas mahalaga ang resulta ng kanilang pinaghihirapan kaysa sa kanilang mismong mga buhay.

Mula sa kakulangan ng mass testing sa karamihan ng lugar sa ating bansa at sa pagiging hindi abot-kaya nito, kakulangan sa mga regulasyon at mga pagkilos na masasabing hindi lohikal, pagbibigay ng atensyon sa ibang mga bagay sa gitna ng pandemya, ay hindi na nakagugulat ang patuloy na pagdami ng kaso ng karamdaman. Nagresulta ito sa pagkakalagay sa atin bilang ika-32 na bansang may pinakamataas na kaso ng COVID-19 at ika-32 na rin mula sa 198 na bansang mayroong pinakamaraming naitalang pagkamatay ayon sa naitalang impormasyon ng World Health Organization (WHO) at para bang ang ating pag-asa na lamang upang malampasan ito ay ang paghintay sa pagdating sa bansa ng bakuna.

Maituturing ding hindi kasama sa mga pangunahing prayoridad ng ating pamahalaan ang mga healthcare workers dahil sa kakulangan ng mga proteksyon, kagamitan, at materyales tulad ng mga Personal Protective Equipment (PPE), benepisyo, at kabuuang pansing binibigay sa kanila at sa kanilang mga ginagawang sakripisyo sa gitna ng isang nakamamatay na pandemya. Sa pagkakasulat ng artikulo, tinatayang 12,000 kaso ng mga healthcare workers ang nagkaroon ng COVID-19 nitong taon at 60 naman ang naiulat na nasawi dahil sa kanilang makailang ulit na pagkakaroon ng interaksyon sa mga pasyenteng may karamdaman ayon sa Kagawaran ng Kalusugan.

Isang madilim na katotohanang hindi nabibigyan ng pansin at maaaring natatambakan ng samu't-saring parada ng mga pagpapasalamat sa mga healthcare workers ang kanilang tunay na mga kalagayan. Tulad na lamang ng pagsasagawa ng mga presentasyon, patalastas, social media posts at maging ang pagkakaroon ng mga drone shows na kanilang tunay na ikinatutuwa at nakakapagpagaan ng kanilang loob. Ngunit ayon din sa kanila ay mas mararamdaman nila ang pagpapahalaga ng bansa at pamahalaan kung makatatanggap sila ng karampatang mga benepisyo at pakikinggan ang kanilang mga hinaing at boses ukol sa kanilang kinahaharap sa kasalukuyang pandemya.

Mula rito at sa makailang ulit na pangangalampag ng iba't ibang grupo, mga organisasyon, at ng mismong samahan ng mga health professionals ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Administrative Order No. 35 na nagsasaad na makatatanggap ng hazard pay o karagdagang bayad ang mga healthcare workers at frontliners sa mga pampublikong sektor ng aabot sa 3,000 piso. Dagdag pa dito ang Administrative Order No. 36 na nagsasaad na buwanang makatatanggap ng karagdagang 5,000 na piso ang mga pampubliko at pribadong mga healthcare workers na nagkaroon ng direktang interaksyon sa mga may sakit at ang pondo para rito ay magmumula sa Bayanihan to Recover as One Act.

Ayon sa nasabing utos na pinirmahan ng pangulo ay mayroong pangangailangang pahalagahan at mabigyan ng karampatang pagkilala ang mga magigiting at hindi mababayarang mga kontribusyon ng mga healthcare workers sa buong bansa, kung saan buong tapang nilang ibinibigay ang kanilang buhay bilang isa sa mga pangunahing lumalaban upang makisama sa pagbibigay aksyon sa suliraning kinahaharap ng ating bansa, ngunit sa kabila ng mabubulaklak na pananalita ng mga nasa posisyon ay tila hanggang imahinasyon na lamang ang mga benepisyong ito.

Ilang mga samahan sa sektor ng kalusugan ang nagbigay ng kanilang pagtutol sa nilagdaang kautusan. Isa sa mga ito ay ang Alliance of Health Workers (AHW) na tumuligsa at pumuna sa mga probisyon ng nasabing mga probisyong kabilang sa Bayanihan Act na itinuturing na "selective, unfair and divisive" dahil ang tanging mga mayroong mga direktang interaksyon lamang ang makakatanggap ng mga benepisyo. Ayon sa kanila ay hindi ito tama dahil sa katotohanang lahat ng nasa loob ng isang ospital ay mayroong pagkakataong mahawaan ng sakit.

> "
>
> **'[S] elective, unfair and divisive' [ang Bayanihan Act] dahil ang tanging mga mayroong mga direktang interaksyon lamang ang makakatanggap ng mga benepisyo.**
>
> -
>
> **ALLIANCE OF HEALTHCARE WORKERS**

Dagdag pa rito ay pumutok din ang kaliwa't kanang reklamo at hinaing ng mga health workers nang hindi nila natanggap sa tamang oras ang kanilang mga karagdagang kabayaran para sa kanilang mga sakripisyo. Nagsagawa ng kilos-protesta ang mga kawani ng Philippine General Hospital (PGH) kasama ang All UP Workers Union-Manila upang hingiin ang hazard pay at allowances na hindi pa nabibigay ng administrasyon ng mga opsital sa nakalipas na anim na buwan dahil sa 'di umano'y kakulangan nito sa pagtuon ng pansin sa mga hinaing ng kanilang mga empleyado at sa kanilang pagtanggi sa hiling ng samahan ng maayos na pakikipagdayalogo. Ayon sa Administrative Order 26 at 28 ay dapat makatatanggap ang mga health worker ng 500 piso kada araw ng

kanilang pagtatrabaho bilang hazard pay at isang "one-time Special Risk Allowance", ngunit ilang buwan na ang lumipas at hindi pa rin nila nakuha ang mga ito.

Ayon kay Karen Mae Furillo, ang bagong talagang presidente ng samahan, "Our health workers are already feeling the fatigue by this prolonged pandemic. Delaying further our benefits will demoralize us more. How long do we need to endure? These should be released now." [Nararamdaman na ng ating mga health workers ang pagod nang dahil sa pandemya. Ang pagkaantala ng pagbibigay ng aming mga benepisyo ay lalo lamang magpapahina ng loob namin. Hanggang kailan pa kami dapat magtiis? Dapat ay maibigay na ang mga ito ngayon.]

Mariin naman itong sinuportahan ni Senate President Pro Tempore Ralph Recto na sinabing nararapat lamang mabigay ito ng pamahalaan at nararapat na magawan rin nila ng paraan ang hinihinging karapatan na hindi kayang maibigay ng administrasyon ng PGH dahil sa kakulangan sa badyet.

Sa kabila nito ang tanging naging sagot lamang ng Kagawaran ng Kalusugan ay ang mungkahi na kunin ang badyet para sa hazard pay at special risk allowance sa University of the Philippines-PGH dahil dito raw dapat magmumula ang pondo at hindi sa kagawaran nila. Bilang tugon ay kinilala na lamang nila ang kahalagahan ng health workers at sinabing magsasagawa ng imbestigasyon upang mahanapan ito ng solusyon.

Matapos ang isang linggo mula ng komento na iyon ay naghain ng isang resolusyon sa Senado si Senador Risa Hontiveros upang imbestigahan kung bakit sa kabila ng inilaan na 20.58 bilyong piso sa pagtugon sa isyu ng COVID-19 ay may higit na 16,000 health workers pa rin ang hindi nakakukuha ng karampatang bayad sa kanila. Maliban dito ay minungkahi rin niya ang resolusyon na bigyan pa ng karagdagang 3,000 piso kada buwan ang suweldo ng mga health worker.

Sa isang artikulong inilathala ng WHO nabanggit nila na sa gitna ng isang pandemya ang pagprotekta sa mga health worker ay ang susi sa pagpapanatilii ng matiwasay na takbo ng isang lipunan. Nanawagan sila sa gobyerno na siguraduhing maayos ang kalagayan ng mga taong ito unang tumutugon sa isyu ng COVID-19. Kung titingnan, maaaring masabi na ang kalagayan ng mga health worker sa isang bansa ay ang magiging salamin o panukat kung gaano kaayos ang pamumuno ng pamahalaan sa kaniyang bansa at kung gaano katagal pa bago malampasan ang krisis ng kinahaharap.

Kung magpapatuloy ang ganitong sitwasyon na kakailanganin pang magsagawa ng kilos-protesta ng mga health worker sa gitna ng mahahabang oras na pagtatrabaho nila para lamang mapansin sila ng administrasyon at mapangakuan ng imbestigasyon—habang ang masa ay patuloy lamang na pumapalakpak sa likuran—ay matitiyak na malayo pa ang bansa sa pagkakaroon ng isang maayos at progresibong takbo ng lipunan.

Dagdag pa rito, kung mananatiling mababa ang pagtrato natin sa ating mga "bayani" na walang karapatang lumaban at magpahayag ng kanilang saloobin at hindi pa rin nabibigyan ng karampatang mga benepisyo, maaaring dumating sa punto na wala nang magnanais magsilbing bilang mga tagapagprotekta ng mga kalusugan ng mga mamamayan.

Nakapapagod maging bayani sa isang bansang nagbabalewala sa mga pangangailangan ng mga mamamayan. Sa halip na magpokus na lamang ang mga health worker sa kanilang propesyon ay dumadagdag pa sa trabaho ang pakikibaka upang dinggin ang kanilang panig. Bilang mamamayan, ang tanging maaaring gawin upang tunay na mapasalamatan ang mga health worker ay ang makinig sa kanilang hinaing at ipaglaban ang kanilang karapatan. Dahil ang pagprotekta sa ating mga health worker ay paraan din upang maprotektahan at matulungan pa ang ating lipunan sa gitna ng krisis na ito.

"

Sa halip na magpokus na lamang ang mga health worker sa kanilang propesyon ay dumadagdag pa sa trabaho ang pakikibaka upang dinggin ang kanilang panig.

-

ANG LABANG KATUTUBO:

Isang Pakikibakang Walang Hinto

SULAT NINA **ADAM TORRES** AT **AUDREY FONTANILLA**
SINING NINA **KEVIN CASTRO AT NG MATANGLAWIN ATENEO 1976**



"

Ngayon na unti-unti na tayong sumasailalim sa bagong normal, paano nga ba natin susukatin ang kaunlarang lagpas ang mga kalamidad na ito?

-

Tila naghihikahos ang Pilipinas para sa taong 2020 at napakaraming trahedya ang dumating simula nang pumutok ang Bulkang Taal noong Enero 12. Sa kabila ng mga iskandalo, polisiya, at kalamidad na dinanas ng ating bansa, sumasabay pa ang walang humpay na sindak ng COVID-19. Ngayon na unti-unti na tayong sumasailalim sa bagong normal, paano nga ba natin susukatin ang kaunlarang lagpas ang mga kalamidad na ito?

Isa sa mga komunidad na lubos na naapektuhan sa pagsilakbo ng pandemya ay ang mga pambansang minorya. Taon-taon, libo-libong Indigenous Peoples (IP) ang nakararanas ng diskriminasyon pagdating sa kanilang mga pangunahing karapatan sa lupa, kalayaan, at pamumuhay. Gayunman, bago pa dumating ang pandemyang biyolohikal na salot, lantad na ang marhinalisasyon sa Indigenous Peoples' sector sapagkat nagkukulang ang kanilang mga malapitang pasilidad na pangkalusugan at iba pang mahahalagang pampublikong serbisyong naihatid na dapat ng estado. Sa halip na pursigihin ng Pilipinas ang mga pagbabago sa imprastruktura, ekonomiya, at pamumuhay, pinagkakait nito ang matiwasay na kinabukasan sa mga pambansang minorya.

Kamangmangan at balu-baluktot na motibasyon ang tampok sa neoliberalismo na inaangat ng administrasyong Duterte. Nang lumuwag ang paghihigpit sa lockdown, masidhing nagpatuloy ang urbanisasyon at pandarambong laban sa mga pambansang minorya. Ang mga konstruksiyon tulad ng Kaliwa Dam pati na rin ang mapanlinlang na puwersang militar ay patuloy na bumabanta sa sagradong kultura at seguridad ng kanilang mga komunidad. Nais lamang nilang itaguyod ang makasaysayang pagkakakilanlan ng mga IP kung kaya't mainam na alamin kung bakit ba lumalayo ang kaisipan ng pagbabago at kaunlaran sa kanilang pagtingin dahil ito ang magpapalalim ng ating pag-unawa sa isang pakikibakang walang hinto.

PAGKILALA SA BUHAY KATUTUBO

Ang kasalukuyang kalagayan ng mga pambansang minorya ay dala ng samu't saring sosyopolitikal na salik. Ang pagkawalang-bahala sa kanilang kapakanan bilang mga mamamayan ay isang kolektibong pagkukulang sa kabuuan ng Pilipinas. Maraming konteksto ang ginagalawan ng bawat grupong IP kung kaya't mahalagang siyasatin ang kanilang indibiduwal na pagkakakilanlan—hindi lang ang sumasaklaw na identidad nila bilang pambansang minorya.

Sa agresibong pagsusulong ng industriyalisasyon, makabuluhan ang pakikibaka ng mga Agta para sa lupa ng kanilang hinalinhan. Kinikilala man ng Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) ang kanilang mga karapatan, mahina pa rin ang pagpapagana ng mga patakarang makapagpoprotekta rito. Tinatalban ang karapatan ng mga Agta sa maling

> **"**
>
> **Sa kasalukuyan, malaking panganib para sa mga Agta ng Capas, Tarlac ang panukalang pagtayo ng New Clark City na isa sa mga bilyong dolyar na proyekto ng Build, Build, Build sa ilalim ng administrasyong Duterte.**
>
> **-**





paglalarawan ng gobyerno at nadadala nito ang hidwaang pakahulugan sa kanilang ideya ng progreso. Sa halip na bigyang-tuon ang mga pangangailangan at sariling pag-unlad ng mga Agta, walang humpay ang pagpuwersa ng mga malalaki at agresibong proyektong patuloy na sumisira sa mga komunidad at nagiging sanhi ng kanilang displacement o sapilitang pagsungkal mula sa matatandang lupa.

Sa kasalukuyan, malaking panganib para sa mga Agta ng Capas, Tarlac ang panukalang pagtayo ng New Clark City na isa sa mga bilyong dolyar na proyekto ng Build, Build, Build sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Sa paglunsad nitong proyekto, mayroong 18,000 na katutubong Agta ang mahahalinhan mula sa kanilang lupain. Bukod dito, ang isa pang agresibong proyekto na nasa panukala ni pangulong Duterte ay ang Kaliwa Dam, na bumabanta sa mga Dumagat-Remontado ng mga probinsyang Quezon at Rizal. Layon nitong lutasin ang kakulangan ng tubig sa siyudad. Ngunit, kapalit nito ang pagwasak ng tirahan ng 30,000 na mga Dumagat-Remontado—mga taong umaasa rin sa katutubong kayamanan ng lugar upang mamuhay. Sa mga proyektong ito, nagiging tagapag-udyok ang likas na kayamanan ng kapaligiran na siya ring nagiging biktima ng agresibong panukala. Gayunman, ang mga katutubo rin ang nasa maikling dulo ng mga panukalang ito, dahil nakaangkla sa kabuhayan at kultura ng mga katutubo ang kanilang malapit na relasyon sa kalikasan.

Hindi isang tao o ahensya ang mananagot sa displacement ng mga IP sapagkat katunayan ito sa kulang na pagsisikap galing sa estado upang matugunan ang kanilang mga problema. Sa panayam kasama si Bb. Urduja

“

Layon [ng pagtayo sa New Clark City] lutasin ang kakulangan ng tubig sa siyudad. Ngunit, kapalit nito ang pagwasak ng tirahan ng 30,000 na mga Dumagat-Remontado—mga taong umaasa rin sa katutubong kayamanan ng lugar upang mamuhay.

-

Amor, isang development practioner at propesor ng Development Studies sa Ateneo de Manila, napag-alamang ang pangunahing rason sa pagpupuna ng IPRA ay hango sa kapos nitong pagtitiyak sa pagmamay-ari ng lupa, at ang pangkalahatang kahinaan ng polisiya sa kabila ng pagkilala sa mga karapatan ng mga IP. Patuloy na nanghihimasok ang mga dayuhang negosyante at sa gayon, sapilitang hinihiwalay ang mga IP sa kanilang kultura, lumalawak ang masidhing hidwaan, at marawal na kalagayan ng kanilang kalusugan.

“

Bilang bahagi ng pinakamaralitang populasyon sa Pilipinas, dukha’t nanganganib ang edukasyon at kabuhayan ng mga IP communities.

-

Kaakibat ng suliraning ito ang talamak na pagpaslang at direktang pang-aabuso sa mga katutubo. Isa ito sa mga hinaharap ng mga katutubong lider na nasa gitna ng pagtanggol at pagbatikos laban sa mga higanteng proyektong sumisira sa kanilang mga pamayanan. Isang halimbawa ang mga IP sa Cordillera Administrative Region (CAR) na nagiging tudlaan ng pagtayo ng mga dam. Noong 2018, pinaslang si Ricardo Mayumi, isang aktibista para sa kapaligiran at ang lider ng Ifugao Peasant Movement (IPM), na kilala rin sa kanyang pagtutol sa pagtayo ng Quadriver Mini Hydro Dam sa bayan ng Tinoc. Gayunpaman, palasak na ang mga pangyayaring ito sa ilalim ng administrasyong Duterte kung saan laganap ang red-tagging at iba pang mga kontra-aktibismong dahas—tila ginawang ligal ang shoot-to-kill na polisiya. Dahil dito, mas sumidhi ang nanganganib na kalagayan ng sektor ng mga IP. Ayon kay Windel Bolinget, isang susing miyembro ng KATRIBU, nagiging lantad at laganap ang pagtatak sa mga IP bilang ‘komunista’ at ‘terorista’ sa kasalukuyang administrasyon. Mas talamak na ang paggamit ng militar na puwersa upang bantaan, takutin, at dakpin sa ilegal na paraan ang mga IP. Sa ganitong paraan, natatakpan ng gobyerno ang karapat-dapat na dignidad at makataong pakikitungo ng mga IP.

Bilang bahagi ng pinakamaralitang populasyon sa Pilipinas, dukha’t nanganganib ang edukasyon at kabuhayan ng mga IP communities. Makikita ito sa kalagayan ng mga Lumad pagdating sa kanilang direktang pagpupunyagi sa mapanupil na retorika ng administrasyong Duterte. Upang makaiwas sa armadong tunggalian ng Batas Militar sa Mindanao, lumuwas sila sa kalunsuran. Pinasara ng gobyerno ang kanilang mga paaralan gamit ang mababaw na pangangatwiran at labanan ang banta ng kanilang oposisyon. Ngunit, sa mga paaralang ito, tanging ang pagtatanggol sa kanilang mga lupain ang namamayaning pagtuturo. Edukasyon ang kanilang pangunahing armas sa pagkontra sa pananamantala at pandarambong ng mga negosyo, dayuhan, at mga lokal na naghaharing-uri. Nang dakpin din ito ng gobyernong inaasahan nilang tumulong, lumilitaw ang kanilang dasig sa napag-iiwanang landas ng kanilang komunidad.

NASAAN ANG HUSTISYA?

Sa loob ng isang pandemya, mas pinaigting ang kahirapang dinaranas ng mga katutubong komunidad. Dahil sa kasalukuyang kalagayan ng mga IP, na sa ngayon ay apektado ng kahirapan, malnutrisyon, at kawalang daan patungo sa kalidad na pangangalaga sa kalusugan, mas masidhi ang banta ng pandemya sa sektor ng mga katutubo. Bukod dito, nagiging hadlang din ang kakulangan ng maaasahang

impormasyon ukol sa pandemya ang iba't ibang wika ng mga IP. Ngunit, hindi lamang ang suliraning ito ang kanilang tinatahak. Kasama na rito ang pangkalahatang paglala ng estado ng kanilang pamumuhay. Ang subhetibong "progreso" na naidudulot ay resulta ng paglaktaw ng karapatan ng mga pambansang minorya at ang pagsasantabi ng kanilang mga adhikain na intindihin, respetuhin, at itaguyod ang kulturang katutubo. Sa ganitong paraan, malinaw ang pagmamaltrato ng administrasyon sa mga katutubo at ang kanilang patuloy na pagtapak sa kanilang dignidad at karapatang pantao. Ito ang suliraning pumapaibabaw sa isyu ng displacement, pagpapaslang sa mga katutubo, at pagkait sa mga mag-aaral ng karapatan nila na magkaroon ng edukasyon. Tila nawawala ang hustisya at pagkakapantay-pantay sa naratibo ng mga katutubo. Hindi rin maikakaila ang papel na ginagampanan ng administrasyon dito, at ang kakulangan sa kanilang mga prayoridad. Sa halip na maglaan ng proteksyon at suporta sa mga minoridad ng bansa, nakatuon ang administrasyon sa pagpapatupad ng mga neoliberal at pasistang polisiyang patuloy na naghahasik ng dahas at pangamba sa sektor. Ngayong nasa ilalim ng quarantine ang bansa, pursigido pa rin ang pamahalaan sa paglulunsad ng mga proyekto imbis na bigyan ng sapat na tulong at tugon ang mga komunidad na naghihikahos dulot ng pandemya.

USAPIN SA MORALIDAD, HINDI PAGPAPANIG

Ang pagpapanday sa karapatan ng mga pambansang minorya ay isang paksang humihigit sa usapin na kung ika'y kontra o sumusuporta sa ating kasalukuyang administrasyon. Umuusisa ito sa karapatang pantao at natatanging pagkakakilanlan ng ating mga kababayan, hindi lamang nakapinid sa ating mga ideolohiya ang pinaninindigan ng mga katutubo—ito ang pagwakas sa kanilang makasaysayang pakikibaka laban sa panlabas na dominasyon. Tungkulin natin bilang mga Pilipino ang palaganapin ang tindig ng kanilang mga panawagan.

Tatlo ang ating responsibilidad bilang mga mamamayan, ito ang tumulong at makiisa sa paghihikahos ng mga IP. Kasabay sa pagninilay ng ating mga pribilehiyo sa lipunan, mahalagang malulong at mababad sa kanilang kultura. Mahalagang buksan ang ating kaisipan sa pagtingin ng mga IP sapagkat ang malayang diskurso kasama ng kanilang mga komunidad ang unang hakbang upang maipaglaban ang kanilang mga karapatan laban sa mga suliraning hinaharap.

Makabuluhan ang papel ng estado bilang mekanismong magtutulak sa pagpapahalaga ng karapatan, kultura, at landas ng mga pambansang minorya. Maging sa lupang hinalinhan, karapatang pantao, o edukasyon at pamumuhay, hindi dapat mawala ang ating paggiit sa pananagot at hustisya ng estado. Tunay na malasakit at paglulunas ang kinakailangan sa hawak-kamay na pagtugon sa pandemya. Ito ang dahilan ng esensyal na pagpapatuloy ng malugod na usapin sa pagitan ng iba't ibang grupo at henerasyon ng mga IP.


"

Ngayong nasa ilalim ng quarantine ang bansa, pursigido pa rin ang pamahalaan sa paglulunsad ng mga proyekto imbis na bigyan ng sapat na tulong at tugon ang mga komunidad na naghihikahos dulot ng pandemya.

-



Sa pagbusisi ng taong 2021, dumadating ang pagkakataon para sa pagbabago. Nang matutunan nating mamuhay sa bagong normal na ito, dapat itanim ang kaunlaran na naka-angkla sa tuwirang perspektibo ng masa. Ang pagtatag ng tunay na lakas at kapangyarihan para sa sektor ng mga pambansang minorya ay maibabahagi natin sa katugon na suporta para sa kanilang mga adhikain. Tulad sa pagkaltas ng mga katutubo sa ignoranteng indibiduwalismo, mabuting manindigan din tayo sa kritikal na pagtutuos ng pambansang landas—ang kaunlarang pangkalahatan.



PAGKUWENTA SA WALANG KUWENTA:

30,000 Salita sa mga Talumpati ni Duterte


SULAT NINA **ADAM TORRES** AT **PETER GARNACE**
SINING NI **KEVIN CASTRO**

e ko sa mga kapwa ko tao, kapwa ko sa gobyerno. Kasi minsan
ginagawa mo na ang lahat, mayroon pang masabi na hindi nan
ow, kagaya ng iyong "sa tamang proseso." So making it appear t

Isa sa mga payo ng Tsinong pilosopo na si Sun Tzu sa kaniyang akdang Ang Sining ng Digmaan, "Magkunwaring mahina kung ikaw ay malakas, magkunwaring malakas kung ikaw ay mahina." Sa konteksto ng digmaan, ang pagkukunwari o panlilinlang ay ginagawa upang maungusan ang kalaban. Ngunit sa pagkakataong ang kalaban ay mas mapanlinlang, mas mapaminsala, at hindi nakikita, epektibo pa rin ba ang magkunwaring malakas kahit na ika'y mahina?

Kagaya ng pakikipagdigmaan ng gobyerno kontra-droga, digmaan din ang nakikitang solusyon laban sa COVID-19. Habang nangangamba ang buong mundo sa posibilidad ng pagsara ng mga border ng mga bansa, naging kompiyansa naman ang Pilipinas na hindi ito makaaabot dito. Sa kabila ng mahinang sistemang pangkalusugan, hindi pa rin pinigilan ang pagpapasok ng mga dayuhan mula sa Wuhan, ang episentro ng sakit sa Tsina, dahil sa maaaring epekto nito sa politikal at diplomatikong relasyon ng bansa. Sa panahon ng pandemya kung kailan napakahalaga ang magkaroon ng isang pinunong makapagbibigay ng mensahe ng bayanihan, pag-asa at siyensya, masasabing huwaran ang mga pinuno ng Singapore, Taiwan, Vietnam at New Zealand, mga bansang unang nakapagtala ng pagbaba ng kaso at pagluwag sa mga patakaran ng lockdown. Para sa Pilipinas na may pinakamahabang panahon ng lockdown, paano nga ba hinarap ng administrasyong Duterte ang COVID-19?

Upang masusing mabusisi ang mga naging hakbang ng pamahalaan sa pagsugpo sa COVID-19, gamit ang R Studio ay kinolekta namin ang mga talumpati ni Pangulong Duterte sa kaniyang lingguhang mensahe na pinamagatang "Talk to the Nation Address on COVID-19" mula Marso 13, 2020 hanggang Nobyembre 10, 2020. Sa pagsala namin sa humigit-kumulang 117,000 salita, mahigit 74% (tingnan ang Pigura 1) ang walang katuturan o walang direktang ambag sa kaniyang mga mensahe. Karamihan sa mga salitang hindi isinama sa pag-aanalisa ay mga pantukoy, pangngalang pambalana, pagmumura, at mga salitang hindi makabuluhan. Dahil malaking bahagdan ng mga salita ang natapyas, 26% o mahigit 30,000 salita na lamang ang naiproseso.




Pigura 1. Komposisyon ng mga salita sa talumpati ni Pangulong Duterte.

KAMAY NA BAKAL

Pinakalaganap ang mga salitang "people", "government", "money", at "time" na ginamit higit pa sa tatlong daang pagkakataon (tingnan ang Pigura 2). Dagdag dito ang pagsabi ng mga sumusunod na salita: 187 beses ang "police", 104 beses ang "law", at 101 naman ang "military" kung kaya't kapansin-pansin ang estratehiyang kumukubabaw sa mga inaasahang banggitin na may kinalaman sa pandemya kagaya ng "covid", "vaccine", at "health". Sa talumpati ni Duterte noong Abril 16, 2020, nagbanta siyang ipapasailalim ang bansa sa Batas Militar dahil sa patuloy na paglabag ng mga tao sa quarantine protocols.


"Kaya ito ngayon ang sitwasyon. I'm just asking for your disiplina kaunti. Kasi 'pag ayaw ninyo, ayaw ninyong maniwala, mag-take over ang military pati pulis. I am



"

Sa pagsala namin sa humigit-kumulang 117,000 salita, mahigit 74% [...] ang walang katuturan o walang direktang ambag sa kaniyang mga mensahe.

-



Pigura 2. Biswalisasyon ng mga laganap na salita

> **Ang pulis pati military ang mag-enforce sa social distancing at 'yang curfew. Sila na. Parang martial law na rin. Mamili kayo.**
>
> -
>
> **RODRIGO ROA DUTERTE**
> Pangulo ng Republika ng Pilipinas

ordering them now to be ready. Ang pulis pati military ang mag-enforce sa social distancing at 'yang curfew. Sila na. Parang martial law na rin. Mamili kayo," pagalit na sabi ni Duterte sa kaniyang talumpati.


Sinundan pa ito ng panibagong pagbabanta noong Abril 24, 2020, dahil sa diumanong "lawlessness" na ayon kay Duterte ay sanhi ng armadong grupong NPA. Babala niya, "I am now warning everybody and putting notice sa Armed Forces pati police, I might declare martial law and there will be no turning back."

Nang lumagpas ang ika-110 araw ng lockdown sa Pilipinas, pinirmahan ni Duterte ang Anti-Terror Law at nangibabaw pa mas lalo ang mapanlinlang na katangian ng administrasyon. Ang matigas na kamaong lumitaw sa pagpapatupad ng mga polisiya ay pinatitibay ng mga inihahayag na mga salita ng pangulo upang takutin ang oposisyon at hamigin ang kaniyang mga tagasuporta.

Kapansin-pansing mas nanaig ang paggamit ng puwersa sa mga mensahe ni Duterte sa halip na siyensya na siya namang ipinapanawagan ng maraming Pilipino. Sa social media app na Twitter, naging trending topic ang #MassTestingNowPH upang udyukin ang pamahalaan na magkaroon ng polisiya ng malawakang pag-test sa mga posibleng may COVID-19. Ang polisiya ng mass testing at contact tracing ay naging epektibo para sa South Korea na napababa ang bilang ng mga kaso.

PALPAK AT MABAGAL NA AKSYON

Nagiging abenida na lamang ang kaniyang lingguhang mensahe sa pagpapatuloy ng digmaan kontra-COVID-19 kung kaya't lumalalim ang dikotomiya ng bulag na paniniwala at kritikal na mga kaisipang naiaangkat. Maliban sa kakulangan sa kahandaan at kawalan ng konkretong hakbang para



Pigura 3. Kadalasan ng Relasyon sa mga Pananalita ng mga Talumpati

maibsan ang pagkalat ng sakit, wala ring malinaw na solusyon upang maiangat muli ang naghihingalong ekonomiya. Ang kumpol ng mga salita sa gitna (tingnan ang Pigura 3) ay nagpapahiwatig ng kawalan ng malinaw na polisiyang ipinatupad ng administrasyon. Ang mga salita kagaya ng "vaccine" at "time" ay nagpapahiwatig ng pag-aantay ng administrasyon sa bakuna para masugpo ang pandemya.

Marso 13, 2020 sinabi na ng Pangulo na ang pandemya ay krisis na "[W]alang ibang solusyong makikita. Walang solusyon kundi tanging bakuna lang sa biyaya ng Diyos." Idiniin pa niya noong Abril 6, 2020 ang kaniyang pesimismo tungkol sa hinaharap kung walang bakunang madidiskubre. Ika niya, "For as long as there is no vaccine, or any medicine that these men of science can think of to put an end to it, we will suffer." Ang kaniyang pag-aantay para sa bakuna ay naging dahilan ng kawalan ng matibay at epektibong hakbang para agarang makabangon ang Pilipinas.


Gayumpaman, upang maibsan ang kahirapan ng mga Pilipino sa panahon ng pandemya, kagyat na isinabatas ang Batas Pambansa Blg. 11469 o ang Bayanihan to Heal as One Act na naglalayong bigyan ng social amelioration o pinansyal na suporta ang pinakamahihirap na mamamayan. Layunin din nitong bigyang-benepisyo ang mga frontline health workers at mga ospital na kulang na kulang ang pasilidad. Mala-kidlat man sa bilis ang pagpasa ng batas na ito, mabagal naman itong maramdaman ng mga Pilipino. Hindi rin nito saklaw ang iba pang mga sektor na kailangan din ng agarang tulong kagaya na lamang ng mga estudyante at maliliit na negosyante o MSMEs.

Mapapansin ding nakaugnay ang salitang "covid" sa mga salitang "law", "force" at "food". Gayundin ang "government" sa "military", "understand", at "Duque". Mas malinaw na umiikot ang paksa ng usapin sa pagtatanim ng simpatya dahil patunay nito ang siklo ng pananalita. Walang kaugnayan sa kalusugan o siyensiya na mga polisiyang inaasahan sa panahon ng pandemya. Sa halip, nakakonekta ito sa mga salitang may kaugnay sa puwersa at karahasan.

KAPOS SA OPINYONG MEDIKAL

Simula nang maimplementa ang Enhanced Community Quarantine sa Luzon at sa kabila ng mga palpak na hakbang na isinagawa ng Inter-Agency Task Force (IATF) on COVID-19, pare-pareho ang mga tao pa rin ang bumubuo nito. Ang mga tambalang salita na makikita sa pigura 4 ay may kaugnayan sa mga taong madalas nagbibigay-payo sa Pangulo. Ang salitang "secretary" ay nakaugnay sa mga pangalan ng mga kalihim na sina Sec. Tugade, Sec. Villar, Sec. Bautista, Sec. Briones, Sec. Dominguez, Sec. Cimatu, Sec. Roque, Sec. Galvez, Sec. Lorenzana, Sec. Guevarra, at Sec. Duque. Sa mga kalihim na nabanggit, iisa lamang ang doktor na may medikal na kaalaman at karanasan sa epidemya. Mapapansing karamihan sa mga kinokonsulta ng Pangulo sa mga polisiyang kaniyang ipinapatupad ay pawang retiradong sundalo. Ang malimit na pagtatalaga ni Duterte ng mga retiradong opisyales ng Sandatahang Lakas sa kaniyang lupon ng tagapayo sa IATF ay senyales ng kaniyang militaristikong istilo ng pamamahala sa pandemya.

Kapansin-pansin din na halos lahat ng mga tagapayo na bumubuo sa IATF ay mga lalaki, maliban na lamang kay Sec. Briones, Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon. Pinalilibutan si Duterte ng mga kalalakihang sinanay sa karahasan at madaling mapasunod sa kaniyang mga direktiba. Kung gayon, maliban sa kawalan ng ekspertong opinyon sa kaniyang mga



Pigura 4. Mga tambalang salita na madalas banggitin ng Pangulo sa mga talumpati

tagapayo, ang pangingibabaw ng lalaki sa gobyerno ay maaaring kabilang sa mga dahilan sa likod ng mga palpak na polisiya ng pamahalaan.

KAMATAYAN

Maraming Pilipino ang umaasang makaririnig ng mabuting balita sa mga lingguhang talumpati ni Duterte. Gayumpaman, sa halip na mensahe ng pag-asa, pagkakaisa at pagbibigay-aral tungkol sa COVID-19, madalas ay negatibong sentimyento ang ipinahihiwatig ng Pangulo na hindi angkop para sa kapanatagan ng isip ng maraming Pilipino. Madalas ang mga pahayag na lumalabas sa kaniyang bibig ay nagiging kontrobersiya at pinagmumulan ng mga bangayan sa social media. Sa kabuuan ng nakilatis na mga talumpati, malimit negatibo ang sentimyento ay may tonong pagalit.


Sa Pigura 5, naipapaskil ang eupemismong nais ihayag ng estado gamit ang mga positibong salita tulad ng "ready", "protect", "happy", at "free" sa pagtataguyod ng kanilang positibong sentimyento ukol sa sinasabing progreso ng kanilang mga pagtugon. Kasabay nito, nagamit ang mga salitang "dead", "hard", "die", at "kill" upang ipokus ang mga mamamayan bilang tanging rason sa paglala ng pandemya. Pero kung tutuusin, sa lakas at bagsik na itinatanghal ng gobyerno, kumukulang ang kanilang pagtugon sa krisis pang-ekonomiya, edukasyon, at pangkalusugan.

Nakatala sa itaas na ang mga negatibong salita ay mas nakaiimpluwensiya ng mahigit sa emosyong nais ipabatid ni Duterte sa kaniyang mga talumpati. Kamatayan ang madalas na tema ng mga talumpating may negatibong sentimyento. Maiuugnay ito sa libo-libong Pilipinong namatay dahil sa COVID-19. Gayundin, maiuugnay ang salitang kamatayan sa mga elementong kalaban ng estado na nais nitong puksain. Dagdag pa rito ay ang walang habas na panrered-tag ng mismong Pangulo at mga kasapi ng gabinete nito. Nasa krisis pangkalusugan at ekonomiya ang Pilipinas, subalit lumilitaw ang kawalang kahandaan at kasanayan ng pamahalaan na pangasiwaan ito. Sa mga pagkakataong ganito kung kailan pinakakailangan ng mga mahihirap na Pilipino ang gobyerno, tila mas nilugmok pa nito ang sariling mamamayan.

ANG PAGKUKULANG NA DAPAT MAIBSAN

Primaryang responsibilidad ng isang pinuno ang patnubayan ang landas ng kaniyang mga mamamayan ngunit sa pagdaan ng COVID-19, naipamalas ni Duterte ang kawalan ng kompetensiya ng kaniyang pamumuno at ang retorikang namamayani sa kaniyang pamamahala. Mababatid sa aming pagsisiyasat na ang lingguhang "Talk to the Nation Address on COVID-19" ay koleksyon ng mga mensaheng hindi tumutugon sa laganap na pangangailangan ng publiko. Tumatayo ito bilang isang instrumento ng pamumulitika sa bayang naghihikahos dahil hindi napagtutuunan ng pansin ang siyensya at lohika sa pagtataguyod ng pampublikong serbisyo na labis na ipinapanday ng masa.

Malayo sa paglulunas ang ating bansa sapagkat lubos na binibigyang-diin ng pandemya ang sistemikong paniniil sa mga naghihirap na komunidad. Gipit ang maraming pamilya sa kakulangan ng ayuda, sa walang-hintong pagbibitaw ng mga empleyado, at ang nahuhuling pangkalusugang tugon ng estado. Ang kawalan ng disiplina at tumitinding oposisyon ang sinasabing nagpapalala ng COVID-19 sa Pilipinas—ilan lamang ito sa mga hungkag na pangangatwirang ipinapataw sa bawat talumpati. Tumitiwalag sa obhetibong lente ang mga naisantabing paksa tulad ng ekonomiya at kalusugan dahil isa sa mga namamayaning estratehiya ng Pangulo ang pasasara ng anumang diskurso na negatibo sa kaniyang imahen. Pero kung ang pamumuno ang tanging makapaghahatid ng serbisyo at malawakang tugon sa masang nagkakaisa laban sa COVID-19, sino nga ba ang tunay na nagkukulang?



Pigura 5. Ambag ng mga salita sa sentimyento ng mga talumpati ni Duterte



Ang mga pagbabanta tulad ng "Shoot them dead" o mga mura kontra sa mga pagpupuna na lamang ba ang ating aasahan sa mga mensahe ng pangulo? At may plano pa ba nitong ibsan ang panawagan ng masang ipinangako nitong paglilingkuran?

SA TAHIMIK NA LANSANGAN:

Ang Paghiyaw ng Katarungan para sa Sex Workers ngayong Pandemya

SULAT NI **MYRA JOANNE ARCE**
SINING NI **KEVIN CASTRO**

Nang ibaba ang anunsyo sa pagsasailalim ng kalakhang Maynila sa enhanced community quarantine noong ika-12 ng Marso, biglang tumigil at napilitang tumahimik ang mausok at maligalig nitong lansangan. Iba-iba ang naging reaksyon ng mga tao: umuwi ang ilan sa probinsya upang magpahinga habang isinara ng iba ang kanilang mga negosyo. Tinatayang 7.3 milyong trabaho ang nawala dahil sa banta ng COVID-19 at siyang nagtala ng pinakamataas na porsyento ng kawalan ng trabaho sa buong kasaysayan ng Pilipinas. Habang ang ilan ay napilitang humanap ng ibang pagkakakitaan, ang ilan naman ay walang magawa kung hindi ang maghintay sa ipinangakong ayuda ng pamahalaan.

“

Tinukoy [ni Nicolé Fick] ang pagnanakaw, assault, at panggagahasa bilang ilan sa mga kadalasang ginagawa ng mga pulis sa mga biktima.

-

Ang pinakasinusubok ng mga kaganapang ito ay ang mga sektor na matagal nang itinakwil ng lipunan, gaya na lamang ng mga sex workers. Dahil sa kriminalisasyon ng kanilang trabaho, puhunan nila ang hindi lantarang pag-aalok sa lansangan kaya't malaking dagok sa kanila ang pagtahimik nito. Bukod pa rito, pinipigilan sila ng dagdag na banta sa kalusugan upang makapagtrabaho at makapag-alok ng serbisyo. Bagaman inaamin ng mga sex workers na may kakayahan silang makapag-alok ng serbisyo online at hindi nabawasan ang kanilang kita ngayong lockdown, pinatotohanan ni Annie* na mahihirapang kumuha ng kliyente ang mga sex workers na walang kakayahang makapagtrabaho online. Lalo na ang mga kababaihang naging biktima ng prostitusyon at tuluyan nang niyakap ang komersyo ng seks. Ayon kay Kenny Satch, ang pinuno ng grupong Wipe Every Tear na kontra sa sex trade, karamihan sa mga kababaihan ngayon sa Angeles, Pampanga ay walang pagkain at tirahan dala ng paghina ng sex work sa lansangan. Hindi na lamang problema sa kakainin ng kanilang pamilya ang hinaharap ng mga sex workers ngunit pati na rin ang sarili nilang kaligtasan sa bayang inaasahan nilang magbibigay ng pantustos sa kanilang mga pangangailangan. Hindi rin nakatutulong ang kakulangan ng suporta ng pamahalaan sa grupo nila. Sa katunayan, ayon sa isang panayam ng Rappler sa isang namamahala sa mga sex workers, hindi raw sila nabibigyan ng ayuda sapagkat ang kanilang samahan ay hindi kasama sa listahan ng mga household families. Taliwas sa mga mamamayang may regular at legal na hanapbuhay kung saan nabibigyan sila ng pagkakataong makahingi ng dagdag na suporta mula sa kanilang kompanya o sa gobyerno, walang ganitong oportunidad ang mga sex workers. Sa kabila nito, nagagawa pa rin ng mga nasa kapangyarihan ang suwayin ang mga alituntuning hinggil sa COVID-19 na sila mismo ang inaasahang magpatupad, at gipitin ang mga sex workers na nangangailangan ng kanilang tulong. Sa halip na abutan ang mga tunay na nangangailangan at isinantabi ng lipunan, lalong itinutulak ng pamahalaan sa bingit ng kamatayan ang mga ito.

Kasama ng mga mapang-abuso sa kapangyarihan ang kapulisang nagtatanggol sa kanila. Sa gitna ng kahigpitan sa pagtawid ng mga bayan, nagawa pang pagsamantalahan ng mga tagapagpatupad ng batas ang mga kababaihang itinataya ang kanilang kaligtasan para magkalaman ang tiyan. Ayon sa panayam ni Ralf Rivas sa isang survivor ng prostitusyon, pinilit ng pulis ang biktima upang makipagtalik sa kaniya kapalit ng pagliban nito sa kabilang bayan. Dahil kinakailangang makipagkita ang biktima sa kaniyang kliyente sa kabilang bayan, wala na siyang nagawa kung hindi ang pumayag. Tinutukan ni Nicolé Fick ang kasaysayan ng karahasan ng kapulisan sa mga sex workers. Tinukoy niya ang pagnanakaw, assault, at panggagahasa bilang ilan sa mga kadalasang ginagawa ng mga pulis sa mga biktima. Ang pag-aresto sa mga sex workers ay ginagamitan ng dahas at kawalan ng respeto sa karapatang pantao; sila mismo ang nagsasagawa ng krimeng ipinangako nilang parurusahan. Sa halip na mas ilunsad ang kaligtasan para sa sex workers o ang paghuli sa mga sex traffickers, mas lalong naging mapanganib ang sitwasyon ng mga sex workers sa kamay ng kapulisan.

KABABAIHAN, PROSTITUSYON AT MGA INSTITUSYON SA LIPUNAN

Sa kabila ng karahasan at pagsasamantalang kinahaharap ng mga sex workers, tila tikom pa rin ang bibig ng karamihan tungkol sa usaping ito. Kung hindi naman, ang konserbatibong lipunan ang siyang nagsasalita upang suportahan ang paghuli sa kung sino man

ang parte ng komersyo. Ilalatag ang isyu sa prostitusyon at sex trafficking bilang bunga ng lansangang hinihikayat ang karamihang lumahok at makakuha ng "mas mabilis" na pera. Bagaman krimen ang pagbebenta ng katawan sa bansa, hindi ito sapat para isantabi ang mga pumili sa ganitong hanapbuhay. Lalong dapat suportahan ng pamahalaan ang mga sex workers sa halip na ituring na mga latak ng lipunan. Higit pa rito, ang kriminalisasyon ng sex work ay hindi solusyon. Sinasalamin lamang nito ang pamamahalang walang pag-intindi sa pangangailangan ng mga isinantabi. Kung tunay na gustong masolusyonan ang problema sa prostitusyon at sex trafficking, mahalagang taluntunin ang problemang nagtutulak sa mga kababaihan upang sumabak sa ganitong trabaho gaya ng kakulangan sa libre at kalidad na edukasyon at oportunidad sa ibang trabaho. Kung naibibigay ito ng pamahalaan, hindi na kailangang tanungin kung malaya ba sila sa kanilang hanapbuhay.

Sa pag-aaral ni Sharmila Parmanand sa grupo ng Sex Workers Collective, idiniin ng mga miyembro ng kolektibong hindi sila kailangang lapitan bilang mga biktimang nangangailangan ng pagsagip; sa halip, isa silang grupong nagnanais na marinig sila ng pamahalaan at lipunan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Bagaman iba-iba ang paniniwala ng mga miyembro ng sektor, totoong kinakailangang nila ang magkaroon ng pasya tungkol sa kanilang kalagayan. Hindi nararapat na lapitan sila bilang grupong nangangailangan ng pagsagip, ngunit dapat silang kilalanin bilang mga indibiduwal na may alam sa kanilang kagustuhan. Ayon kay Annie, ang pinakakailangan ng mga gaya niya ay respeto. Matagal nang may agwat sa pagitan ng mga indibiduwal na parte ng usapin, kahit pa sa pagitan ng mga grupong peminista, ngunit kinakailangan daw tanggapin ng bawat isa na respeto ang kailangan ng mga indibiduwal na parte nito. Aniya, ang pagsusulong sa karapatan ng kababaihan ay nagmumula sa pagkakaroon ng sariling desisyon at kontrol sa sariling boses at katawan. Sa madaling salita, dapat respetuhin ang kanilang kasarinlan bilang mga tao.

Ngayong hindi pa rin tapos ang banta ng COVID-19, patuloy pa rin ang paghihirap ng mga sex workers. Sa kasamaang palad, imbes na sila'y bigyang proteksyon ng mga tagapagpatupad ng batas, lalo pa silang ginigipit at pinagsasamantalahan. Bagaman iba-iba ang opinyon ng mga peminista ukol sa sex work, naniniwala si Annie na dapat lahat sila ay sang-ayon na kailangang ligtas ang komersyo at kapaligirang ginagalawan ng kababaihan at hindi dapat sila isinasantabi ng pamahalaan. Kinakailangang marinig ang boses ng mga kababaihang pilit na isinasantabi ng may kapangyarihan. Ang katahimikan ng lansangan ay hindi lamang tanda ng paghihirap ng mga sex workers ngunit isang malamig na ihip ng karahasan ng nakatataas laban sa mga isinantabi.



PANGANGALAMPAG AT PAGPAPATAHIMIK:

Ang Pagprotesta sa Gitna ng Pandemya

SULAT NI **NICOLE MADRILEJO**
SINING NI **KEVIN CASTRO**
MGA KUHA NINA **KEVIN CASTRO** AT **CECILLE LIM**

Hindi na mabilang ang dami ng mga kilos protestang naisagawa sa taong 2020. Karamihan sa mga ito ay naganap sa kalagitnaan ng pagharap sa krisis ng pandemya. Sa kalagitnaan ng pagpapatupad ng mga ordinansa upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, hinihimok ng gobyerno ang masa na manatili sa kani-kanilang mga tahanan. Kaya naman mayroong mga protestang isinagawa na lamang online para sa mas ligtas na paraan ng pagpaparinig ng mga hinaing. Sa kabila nito, mayroon pa ring mga pangyayaring nakagimbal sa mga Pilipinong nakapagtulak sa kanilang dumiretso sa kalsada upang maipaalam at maipakita ang pagtutol nila sa mga isyung alam nilang hindi na nakabubuti sa masa. Isang halimbawa ang nangyaring kilos-protesta laban sa pagpapasa sa kontrobersyal na batas na Anti-Terrorisim Act of 2020, na ginanap noong nakaraang ika-apat ng Hunyo at isa sa mga naunang pagtitipon upang iparinig ang pagkundena ng masa sa desisyon ng gobyerno ngayong panahon ng pandemya.

Ilang protesta sa kalsada ang naganap matapos ito. Mayroong lumalaban para sa mga isyu at mayroon ding tumatalakay sa ibang problemang kailangan pang bigyan ng pokus. Ilan sa mga ito ay naging tungkol sa pagpapasara ng gobyerno sa prangkisa ng ABS-CBN, pagprotekta sa kalayaang pampahayagan, hindi maayos na pagtugon sa krisis ng pandemya, at marami pang iba. Sa kabila ng iba't ibang adhikaing ito, iisa lamang ang pinapakita ng bawa't pangangalampag: ang paglaki ng agwat sa pagitan ng namamahala at pinapamahalaan. Kaya naman ito'y umabot sa puntong kinailangan na ng mga taong magsagawa ng pagkilos at mag-ingay para lamang sila'y mapakinggan.

Ilan pa sa mga tumatak na kilos-protestang naganap ay ang "Grand Mañanita" na ginanap noong Araw ng Kalayaan sa UP Diliman, kung saan samu't saring grupo ang nagtipon upang ipakita ang pagtutol nila sa mga panukalang nakasaad sa Anti-Terror Law, sa desisyong isara ang prangkisa ng ABS-CBN at ilan pang isyu patungkol sa mga desisyon at paraan ng pamamahala ng gobyerno. Tinawag itong "Grand Mañanita" matapos ang paglabag ng Philippine National Police Chief na si Debold Sinas sa mga ordinansa ukol sa pagsasagawa ng malakihang pagtitipon para sa kaniyang kaarawan. Hindi naparusahan ang hepe kaya naman minabuti ng masang mag-organisa ng isang "mañanita" upang hindi rin sila mapigilan ng kapulisan.



Matapos lamang ang isang buwan ay nasundan muli ang protesta habang kasagsagan ng SONA ng pangulo. Sa kabila ng pagpigil at pagbabala ng pamahalaan, nagpatuloy pa rin ang mga protesta sa ilang parte ng bansa. Katulad ng mga nagdaang protesta ay nakasentro pa rin ang pangangalampag na ito sa paghingi sa gobyerno ng maayos na tugon sa krisis na hinaharap ng mga Pilipino. Samu't saring kilos-protesta pa rin ang nagaganap sa mga sumunod na buwan ng taon na kinalalahukan at pinapamunuan ng ibang mga grupo at nangangalampag hindi lang sa parehong isyu ngunit sa mga iba pang bagong umusbong na balita na tiyak nila'y nakadadagdag sa hirap na nararanasan ng maraming Pilipino.

Isa na rito ang "academic strike" na naging panawagan ng mga estudyante ng Pamantasang Ateneo De Manila. Nananawagan silang managot ang pamahalaan para sa hindi maayos na pagtugon sa mga nasalanta ng bagyong Ulysses. Maliban dito, naghain din ang ilang mga estudyante ng mga kaukulang aksyong kailangang gawin ng gobyerno upang tuluyang matugunan ang kanilang pagkukulang tulad ng pagbibigay ng "academic break," pagbigay ng karampatang ayuda sa mga estudyante, at iba pa.

Maging sa sektor ng pampublikong kalusugan na pangunahing humaharap sa krisis ng pandemya ay napilitan na rin mangalampag. Kung saan ang mga manggagawa ng Philippine General Hospital ay nagsagawa na rin ng isang kilos-protesta na nanawagan sa gobyernong ibigay na ang hazard pay at special risk allowance na ipinangako sa mga healthcare workers sa ilalim ng Saligang Batas No. 11469 o Bayanihan to Heal as One Act, na anim na buwan na nilang hinihingi.


Ilan lamang ang mga ito sa mga kilos-protestang gumanap ilang buwan bago magtapos ang taong 2020 na nagsisilbi bilang isang palatandaan sa bawat isyung hindi agad natutugunan ng gobyerno. Sa bawat protestang nagaganap, hindi nawawala ang takot sa puso ng mga taong sumasali sa laban ng bayan, lalo na't hindi pa rin nawawala ang pangambang baka makakuha sila ng sakit habang nananatili sa pampublikong lugar.

Ayon naman sa mga nakatalang salita ng mga nag-oorganisa ng mga protesta, sinisiguro nilang mayroong karampatang agwat sa pagitan ng mga taong dumalo at nakasuot na face mask ang lahat para sa mas ligtas na pagpoprotesta. Maliban dito, may ilang pangamba rin ang mga nagpoprotesta mula sa mga panukala ng mismong batas na tinututulan nila na ang Saligang Batas No. 11479 o Anti-Terrorism Act of 2020 dahil mayroon itong panukalang nakasaad na maaring hulihin ang sinumang pinaghihinalaang manghihimok ng aksyong konektado sa terorismo. Ayon sa batas, maaaring makulong ng 24 na araw ang sinumang suspek kahit wala pang kasong naisasampa laban sa kanya, at nagiging dahilan ito kung bakit mas maingat ang mga nagpoprotesta. Ayon rin sa ilang tagapagsalita ng mga grupong tumututol sa batas na ito, maaaring magamit ang panukala upang pigilan ang mga kritikong maghain ng reklamo laban sa mga aksyon at desisyon ng gobyerno na sa tingin nila ay hindi makabubuti sa karamihan ng mga Pilipino.

Mayroon ding mga pagkakataong hindi maganda ang nagiging takbo ng mga kilos-protesta at nagtatapos ito sa mga kaguluhan matapos maaresto ng mga pulis ang ilang mga indibiduwal. Isang halimbawa na lamang ang protestang naganap noong SONA sa Quezon City, kung saan tinatayang 34 na tao ang inaresto ng kapulisan. Bukod dito, anim na jeepney drayber ang inaresto matapos magprotesta ang grupong Piston dahil sa halos tatlong buwan nilang walang pasada. Sa kabila ng 'di umanong pagsunod sa social distancing at pagsuot ng face mask, inaresto pa rin sila dahil sa paglabag sa ordinansang nagbabawal muna sa mga pagtitipon. Samantala, sa kasagsagan ng isang "Pride March" sa Manila, 20 na indibiduwal ang inaresto at nauwi pa sa isang marahas na kaganapan. Sinasabing biglang kinuha raw ng kapulisan ang mismong behikulong gamit ng mga nagprotesta at ginamit ito upang dalhin sila sa presinto. Ayon sa mga pulis, mayroon daw naghain ng reklamo laban sa protesta dahil hindi raw ito alinsunod sa Saligang Batas No. 11332 o ang Law on Reporting of Communicable Diseases at sa 'di umano'y hindi pagsunod sa awtoridad at ilegal na pagtitipon.

Karamihan ng mga kilos-protestang ito ay ginanap sa kalagitnaan ng taong

"



-

MGA MAAARING SABIHIN NG MGA AKTIBISTA SA ILALIM NG ANTI TERROR LAW

“



-

MGA MAAARING SABIHIN NG MGA AKTIBISTA SA ILALIM NG ANTI TERROR LAW

2020. Sa kabila ng mga balita ng pag-aaresto sa mga nakikilahok sa mga protesta, hindi pa rin tumitigil ang mga Pilipinong iparinig ang kanilang tindig. Sa katunayan, ilan pa ngang pagkilos ang umusbong kahit sa pagtatapos ng taon na naglalayong maiparinig pa rin ang kanilang hinaing o dismaya sa naging pagtugon ng mga opisyal sa gobyerno.

Sa kabila ng mga pangambang nag-aabang sa mga nakikilahok, dapat alalahaning mayroon pa ring mga batas ang bansa upang protektahan ang karapatang magprotesta. Nakasaad sa Artikulo 3, Seksyon 4 ng 1987 Saligang Batas na dapat walang kahit anumang batas ang may kakayahang makapagpigil sa karapatang makapagpahayag ng sinumang Pilipino. Malaya ang bawat mamamayang makapaglatag ng kaniyang hinaing at opinyon sa anumang paksa. Wala ring nakatalang batas na nagbabawal sa pagsagawa ng kahit anong mapayapang pagprotesta. Ayon rin sa Pambansang Batas bilang 880 o ang “The Public Assembly Act of 1985”, may karapatan talaga ang mamamayan na magtipon at magsagawa ng mapapayapang protesta. Inaasahan rin sa mga protestang ito ang “maximum tolerance” mula sa kapulisan, kung saan hindi sila puwedeng magpatigil o umaksyon kung wala namang kaguluhan at karahasang nagaganap sa lugar. Kailangan ding nakatalaga ang mga pulis 100 metro mula sa lugar ng demonstrasyon. Nakasaad ding hindi na kakailanganin pa ng permiso sa mga pagpupulong gagawin sa isang nakatalagang “freedom park,” mga pribadong lugar, o paaralang sa ilalim ng gobyerno. Kung kailangan man ng permiso dahil sa pagprotesta sa pampublikong lugar o kung saan man, hanggang sa walang hinihinalang karahasan na maaaring mangyari at masisigurong ligtas ito para sa lahat, ay kailangan itong pahintulutan ng pamahalaan.

Importanteng maging bihasa sa mga bagay na ito upang malaman kung ano nga ba ang karapatan ng isang mamamayan pagdating sa pagpoprotesta. Ang mga panukalang ginagawa ng gobyerno ukol dito ay nagsisilbi lamang bilang gabay at tugon para sa kaligtasan ng mga tao. Bilang isang demokratikong bansa, hindi dapat ito kailanman maging dahilan upang kitilin ang kakayahang makapagpahayag ng sinuman.

Ang diwa ng pagprotesta ay umuusbong dahil mayroong napapansing pagkukulang ang mga tao na nagdudulot ng negatibong epekto sa buhay ng nakararami. Mayroon tayong karapatang tumindig laban dito at ipaalam ang mga isyung bumabagabag sa atin at ang kagustuhan rin nating masolusyunan ito.

Ngayong nasa kalagitnaan tayo ng krisis mula sa pandemya, napakahalaga ang pagkakaroon ng protesta. Sa panahong inaasahang maging magkakalayo ang mga tao, ang pagsuporta sa mga mapapayapang protesta ay isang paraan upang maipakita pa rin ang sama-samang pagpapahalaga ng mga tao sa kalagayan ng bawat sektor ng mamamayang Pilipino. Ang mga protestang nagaganap ay hindi lang nagsisilbing palatandaan ng nagiging agwat ng mga namamahala at mga pinapamahalaan, isa rin itong hakbang patungo sa pagsara ng nasabing agwat. Gamit ang pagpaparinig ng kung ano nga ba ang kinakailangan ng mamamayan, inaasahang magiging daan ito upang mapag-usapan at masolusyunan ng pamahalaan at taumbayan ang mga isyung bumabagabag sa lipunan.



MAKA-BAYANING PAGSALUBONG PARA SA MGA MAKABAGONG BAYANI

SULAT NI **RIKA CRUZ**
SINING NI **KEVIN CASTRO**

Parang kahapon lamang nang tratuhin ng lahat bilang mga bagong bayani ang mga Overseas Filipino Workers (OFWs), pero ngayon ay kay bilis ding inalis sa kanila ang bantayog na ito. Sa pagkatanggal nila sa kani-kanilang mga trabaho at kasunod ng pagbagsak ng ekonomiya ng bansa, tatratuhin pa nga ba silang bilang mga bayani kung ang pinakamalaking ambag nila sa lipunan—ang tuloy-tuloy na pagpasok ng remittances na pangunahing puwersang nagpapalakas sa ekonomiya ng bansa—ay wala na? Isa bang tagumpay ang pag-uwi ng isang bayani sa bansang lugmok sa utang at sakit? Higit sa lahat, hanggang saan kaya aabot ang sampung libong pabaon ng gobyerno para suungin nila at ng binubuhay nilang pamilya ang pandemyang ito?

Pandemya; walang sinuman ang umakalang sa kanilang pang-habang buhay ay magkakaroon pa ng pagkakataong danasin ang peligrong sinasapit ng bawat mamamayan ngayon dala ng COVID-19. Karaniwan, nababasa lamang ang mga kuwentong patungkol sa mga pandemya o "plagues" sa mga aklat na umiikot sa kasaysayan ng mundo. Hindi inaasahan ang mga ganitong pangyayari kung kaya't kahit na may pagbabadya ang ganitong klaseng trahedya base sa mga istorya ng sinaunang mga mamamayan ay hindi pa rin ito nakatulong para makapaghanda ang mga tao sa anuman ang kaniyang sasapitin. Walang nakaligtas sa penomenong ito at isa sa mga sektor na naapektuhan, bagaman hindi gaanong binibigyang pansin, ay ang mga OFWs.

> "
> **Dati, madalas siyang umuwi. Kung sa halos apat na beses sa isang taon ay pinahihintulutan siyang bumalik sa Pilipinas. Ngayon, sampung buwan na namin siyang hindi nakakasama.**
>
> -
> **MARIE**
> Anak ng isang OFW

Bago pa man magsimula ang pandemya, marami nang mga suliraning kinahaharap ang mga OFWs sa kanilang mga trabaho—pisikal at pinansyal na pang-aabuso, mababang sweldo, o terminasyon ng kontrata, hanggang sa personal na aspekto—pagkawalay sa pamilya, kawalan ng perang maaaring ipadala, o pamumuhay sa banyagang lugar. Isa sa mga nabanggit na suliranin ang pagkawalay sa pamilya. Sa kasagsagan ng pandemya, mas lumala ang kabigatan ng problemang ito sa balikat ng mga OFW. Kasunod ng mga panukala ng lockdown at travel bans, mas umigting ang distansya sa pagitan ng mga OFW at kanilang pamilya.

"Dati, madalas siyang umuwi. Kung sa halos apat na beses sa isang taon ay pinahihintulutan siyang bumalik sa Pilipinas. Ngayon, sampung buwan na namin siyang hindi nakakasama," ani ng isang anak ng OFW na itatago sa pangalang Marie. Isa lamang ito sa mga dinadanas ng kapamilya ng isang OFW. Karaniwan na sa karanasan ng isang OFW ang pagkakawalay sa kanilang mga pamilya ngunit mas lumala at tumagal pa ang danas na ito dala ng pandemyang kinahaharap ng lahat. Dagdag pa ni Marie, sa unang pagkakataon ay nagpadala ang kaniyang ama ng balikbayan box bilang ayuda sa kanilang pamilya. Dala ito ng pagkaantala ng kaniyang pag-uwi sa Pilipinas bilang hindi niya ito kinakailangang gawin noon dahil sa dalas ng kaniyang pag-uwi sa kaniyang pamilya.

Ani pa ni Marie, hindi pinahintulutan ng kompanya ang pag-uwi ng kaniyang ama ang dahil sa protokol na sinusunod sa Vietnam para sa pagpuksa ng COVID-19. Ibinahagi pa niya ang naging karanasan ng kaniyang ama sa Vietnam kung saan sa mga naunang buwan, work from home ang naging set-up ng kaniyang ama hanggang sa kinakailangan na rin siyang papasukin sa trabaho. Hindi rin nagtagal ang gawing ito dahil nagpositibo sa COVID-19 ang isa sa mga empleyadong nagtatrabaho rin sa gusaling pinapasukan ng ama ni Marie. Bukod sa pisikal na distansya na hamong inihain ng pandemya, matindi rin ang naging epekto nito sa kanilang mental health bilang kapamilyang walang kakayahang gumawa ng paraan upang mas mapagaan ang sitwasyon. Ibinahagi rin niya na ang mga ayudang natanggap ng kaniyang amang OFW na kalauna'y ipinadala rin sa kanila dito sa Pilipinas ay galing pa sa kompanya niya sa Vietnam at hindi ayudang nanggaling sa mismong pamahalaan ng lupang sinilangan ng kaniyang ama. Kung tutuusin, isa na siya sa mga mapapalad na mapanatili ang trabaho ngunit hindi ibig-sabihin nito na nakagaan at nakatulong ito sa sitwasyong patuloy na nilalabanan magpahanggang ngayon ng mga OFW.

Mula sa mga ibinahaging danas, makikita ang mga kinakailangang gawin ng isang OFW upang mapanatili ang trabahong bumubuhay at nagsusustento sa pamilyang naiwan sa Pilipinas. Kung tutuusin, wala pa ang danas na ito sa kaibuturan ng problemang kinahaharap ng kalakhan ng mga OFW. Sa kasagsagan ng pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas, maging ang mga banyagang lupaing binabaybay ng mga OFW,

> **Hindi sapat ang sampung libong ayuda at ang mga hakbang na tinatahak ng administrasyon upang gawan ng paraan at ibsan ang kahirapan ng pamilya ng mga naturang bayani.**
>
> -

kasunod nito ang pagpapauwi sa kanila ng administrasyon bilang bahagi ng isang programang nagsusumikap na tulungan ang mga OFW na nawalan ng trabaho. Pagkatapos ng naturang pagpapauwi ay ang walang katapusang panghihingi ng mga rekisito na magpapatunay sa identipikasyon nila bilang mga OFW at makamit ang ipinagmamalaking pinansyal na ayudang handog ng programa ng repatriasyong nangangahalaga ng sampung libong piso. Muli't muli, hanggang saan aabot ang sampung libong piso sa panahon ngayon? Sapat ba ang isang beses na pag-aabot ng sampung-libo upang buhayin ang libo-libong pamilyang pilay sa kabuhayan gawa ng pandemya? Bukod pa sa isyu ng COVID-19, hindi ba't ang dahilan kung bakit minarapat ng mga OFW na sa banyagang lupain mamasukan ang hindi sapat na indemnisasyon at oportunidad sa Pilipinas?

Nagbigay ng anunsyo ang Kagawaran ng Ugnayang Panlabas na ang alokasyon para sa ayuda ng mga pinabalik na OFWs ay paubos na at hanggang sa pang-Agosto na lamang. Kasunod nito ang impormasyong hindi pa lahat ng mga OFW na nawalan ng trabaho ay naabutan na ng pinansyal na ayuda. Bukod pa sa mga nabanggit, mayroon pang nananatiling 117 libong OFW na stranded sa ibang bansa na nawalan rin ng trabaho. Hindi sapat ang sampung libong ayuda at ang mga hakbang na tinatahak ng administrasyon upang gawan ng paraan at ibsan ang kahirapan ng pamilya ng mga naturang bayani. Tangi sa riyan, hindi sapat ang aksyon ng administrasyon upang gawan ng paraan ang mabigat na sitwasyon ng mga bagong bayani ng bansa. Mapalad pa sa lagay na iyon ang naging karanasan ng ama ni Marie maging ang kanilang pamilya.

Sa ganitong pagtingin makikita na hindi sinusukat nito ang pangkahalatang danas ng mga OFW. Kamakailan lamang, naglabas ng petisyon ang ilang OFW kay OWWA Deputy Admin Mocha Uson upang pahintulutan na ang pagbibigay sa kanila ng financial assistance na nai-apply na noong Abril 2020 pa. Itong financial assistance na nabanggit ang tinutukoy na one-time financial assistance na inihanda para sa mga OFW na nawalan ng trabaho dulot ng COVID-19. Panawagan ng mga ito na matulungan sila ng ahensiya upang mayroong maipadala sa pamilya pantawid sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sila ang mga OFW na natanggal sa trabaho sa ilalim ng "no work, no pay" policy ng kanilang mga employer. Bukod pa rito, magpahanggang ngayon ay nakawalay pa rin sila sa kanilang mga pamilya dahil sa mga quarantine protokol na sinusunod ng bansa. Ganito ba dapat ang dapat sapitin ng mga makabagong bayani na mga pawang mamamayang ninais lamang bigyang luwag ang kanilang mga pamilya?

Sa panahon ng pandemya, mas umigting ang hamon ng distansya sa pagitan ng mga OFWs at kani-kanilang pamilya. Mas lumawak din ang agwat sa pagitan ng mga bagong bayani at ngs mismong lipunang kinabibilangan nila—ang lipunang nakikinabang din sa dugo at pawis nila sa ibang bansa. Hindi lingid sa kaalaman ng karamihan ang pagkukulang at maling prayoridad ng administrasyon pagdating sa mga solusyong inilalatag nito para labanan ang COVID-19. Ilan sa mga kakulangang ito ang pagkawalan ng hustisya, katapatan, responsibilidad, at pananagutan.

Isang malaking hakbang upang maipagpatuloy ang laban ng mga bagong bayani tungo sa pagkamit ng hustisya at solusyon sa mga problema nila, dulot man ng pandemya o hindi, ang patuloy na pagkakaroon ng malay sa sitwasyon nila bilang mga mamamayan ng isang malayang lipunan. Bilang isang simpleng mamamayan, isang makahulugang hakbang tungo sa pakikibaka at pagkamit ng maayos na sistema ay ang kamalayan sa sitwasyong pangkalahatan, lalo na sa kalagayan ng masa. Mainam ding hakbang para palakasin ang hinaing ng mga makabagong bayani ay ang patuloy na pagbuhay sa diskurso ukol sa mga isyung pumapaligid sa kanila. Higit sa lahat, ang patuloy na panghihikayat at pakikialam sa lipunan para baguhin ang sistemang nagbibigay ng hustisya sa mga makapangyarihan lamang. Ang laban ng mga OFW ay laban para sa ating lahat. Kalaunan, nawa'y ang bawat boses ng mga OFW ang maging daan sa pagpapalakas ng kanilang tindig sa lupaing minsan na nilang nilisan para paglingkuran—hindi lamang ang sariling pamilya ngunit maging ang sariling bansa.


GUIDICELLI
ARMY

DEAR MR. GURANG,

SULAT AT SINING NI **KEVIN CASTRO**

"reklamo kayo nang reklamo! huwag naman kayo ganyan! di ka naman pababayaan ng diyos o kalawakan o kung anuman."

– mr. gurang sa social media, sa diyaryo, sa silid-aralan, sa pamahalaan at hapag-kainan

mukhang tama naman si mr. gurang.

di naman tayo pinababayaan ng diyos o kalawakan o kung anu pa mang sinasambahan o hindi.

pinababayaan tayo ng mga mr. gurang mismo,

/gurang/

gurang na ma(y)gulang, gurang na guro, gurang na heneral, gurang sa administrasyon, gurang na SEE EE OH, gurang na mandarambong, gurang na nagpapakawala ng kanyang mga alagang ahas sa damuhan at pesteng balang sa sakahan.

pinababayaan tayo ng mga mr. gurang mismo,

/tayo/

tayong mga kabataang kailangang humarap sa walang hinaharap— na kailangang maging pag-asa ng bayang wala nang pag-asa— na kailangang titigan ang kawalan na mismong nandidilat sa ating mga kaluluwa.

to my dear mr. gurang,

kung aasinan PO ninyo ang aming mga hardin at sakahan, kung titimplahan ninyo ng langis, dinamita at basura ang aming mga lawa't ilog at dagat na parang gatas at pulot sa inyong tsaa, kung huhukayin ninyo ang aming mga bundok na parang buhangin lang sa inyong palaruang Fisher-Price ang tatak,

hayaan niyo na kaming magreklamo. hayaan mo kaming nagaabang at nagtatrabaho para sa inyong tuluyang paglaho.

sapagkat kapag naglaho na kayo at hindi niyo pa kami naililibing, kapag hindi niyo na naririnig ang tinig ng aming pakikibaka,

kami ang matitirang nakatayo at nagpapatayo sa gitna

ng aming daigdig

na inyong iginuho.

KAIINGAT KAYO!

Ngayon ang panahong tigmak sa kakulangan ng katotohanang mapanghahawakan ng sinuman. Ngayon ang panahong kay hirap mawawaan ang tunay at ang kasinungalingan. Ngayon ang panahong lukob ang diwa't isipan natin ng mga patalastas na tila kalugud-lugod, ngunit nagdudulot kaipala ng kimbot at pangamba sa ating kalamnan — sapagkat totoong nagbabadya ng kadiliman ang katahimikang labis at halos mala-paraiso.

Kaiingat kapatid! Magpunyaging tagusin ng katuwiran ang piring na tumatakip sa mga mata. Huwag bulagin ang sarili sa mga balatkayo, at sa halip, pagsikapang makita ang katotohanang umiiral.

Ito at ito lamang: walang karalitaang-madla na mapapalis sa loob ng isang libo, siyam-napu't limang araw; ...di-maikakaila ang karukhaan ng angaw-angaw sa ating kapatid; ...naroon pa rin ang yagit na may tsapa; ...lalong nag-iibayo ang agwat ng bagong ilustrado at bagong indiyo; ...buong-kusang ipinipinid ng mapagimbot na nakaririwasa ang kanilang budhi sa daing at panaghoy ng Katagalugan; ... buong tiwasay na nating tinanggap—tayong manhid at mapagparaya sa sariling pagnanasa—ang isang laksang pahatid sa atin.

Mga kapatid kaiingat kayo! Huwag humimlay sa naglalakihan nating awto, sa ating tahanang malapalasyo, sa nagsasawalang-kibo nating pamantasan na tila ba nakaluklok na tayo sa panibagong Eden. Kasalanang di-mapapatawad ang matulog nang panatag sa mga kamang dekutson nang hindi man lamang isinasaisip kahit saglit ang tablang amoy-estero, galisin at lipos sa libag na higaan ng kapatid na maralita.

Maikakaila ba ang pagdarahop ng nakararami? O tuluyan na ba tayong nalulong sa huwad nating daigdig na kasaganaan at katiwasayan? Mag-isip kayo at huwag magsa-tanga! Napakadaling marahuyo, lalo na tayong walang ibang talos kundi ang tangos ng ilong nating mestisuhin. Napakadaling paglalangan ang sarili habang hitik sa de-sampung papel ang nagpuputok nating kartamoneda. Napakadaling patahimikin ang budhi habang kusang binubulag ang sarili sa katotohanan na kamuhimuhi tayo sa malas ng angaw-angaw na kalahi.

Tiyak na mamumuhi at mapopoot ka rin kung araw-araw mong mapapanood ang landian, ang talsikan ng mga pinintahang daliri ng pulutong na anak-mayaman —samantalang kalapit-bahay lamang ang umpukan ng mga dampang mahihiya sa bahay ng aso. Titiim din ang bagang kung masisilayan ang mga kansusuwit na mestiso at mestisang walang pakundangan kung magparaya sa sarili na tila walang katapusang pista ang buhay.

Kaiingat kayo kapatid! Malayo't matagal pa ang pagsapit ng tunay na Eden sa kalupaan natin. Huwag kalilimutan ang nakaraan sapagkat sa nakaraan nakasalalay ang pagkamulat sa katotohanan.

Kaiingat ka, Atenista! Kaiingat ka! Hanggang taglay pa ang sariling pag-iisip at pusong malambot, dinggin ang namamaos na daing ng aping kalahi. Gumising at alisin ang lambong na kusang isinuklob sa mga mata. Gumising bago tuluyang, bangungutin sa kahalumigmigan ng silid na de-air con. Bumangon at magsimulang balikatin ang pananagutang matagal nang ipinapatong ng nakaraan!"

MULA SA **MATANGLAWIN – SETYEMBRE 1975 TOMO I BLG. 2**
KUHA NI **KEVIN CASTRO**



MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

TANAWIN

Mapanghamon ang ating panahon. Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan. Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan: katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan: kabilang na ang kritisismo ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

KONTAK

MVP Center for Student Leadership Rm. 201-202,
Ateneo de Manila University, Katipunan Avenue
Quezon City, Philippines

matanglawin.ls@obf.ateneo.edu
@MatanglawinADMU
fb.com/MatanglawinAteneo

